

MGA ALITUNTUNIN NG HAWAII SA PANGANGASIWA
HAWAII ADMINISTRATIVE RULES

TITULO 8
TITLE 8

KAGAWARAN NG EDUKASYON
DEPARTMENT OF EDUCATION

SUB-TITULO 2
SUBTITLE 2

EDUKASYON
EDUCATION

BAHAGI 1
PART 1

MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN
PUBLIC SCHOOLS

KABANATA 19
CHAPTER 19

MGA GAWAIN NG MAG-AARAL NA LABAG SA KAGANDAHANG ASAL,
PAGDIDIPLINA, PAGHAHALUGHOG AT PAGESAMSAM SA
PAARALAN, PAG-UULAT NG MGA PAGKAKASALA, MGA PANAYAM
AT PAGDAKIP NG PULISYA, AT PAGBABAYAD-PINSALA PARA SA
BANDALISMO

STUDENT MISCONDUCT, DISCIPLINE, SCHOOL SEARCHES AND
SEIZURES, REPORTING OFFENSES, POLICE INTERVIEWS AND
ARRESTS, AND RESTITUTION FOR VANDALISM

Sub-kabanata 1 Tadhanang Pangkahalatan

§8-19-1 Pilosopiya
§8-19-2 Mga Kahulugan

- §8-19-3 Pagpapairal
- §8-19-4 Pagbubukod

Sub-kabanata 2 Paggawa ng Labag sa Kagandahang-Asal ng Mag-aaral at Disiplina sa Panahon ng Regular na Taong Pampaaralan

- §8-19-5 Aksiyong Pandisiplina; awtoridad
- §8-19-6 Ipinagbabawal na asal ng mag-aaral; klase ng mga pagkakasala
- §8-19-7 Krisis na pag-aalis
- §8-19-7.1 Imbestigasyon
- §8-19-8 Pagsuspende
- §8-19-9 Makatarungang paraan para sa mga pagsuspendeng mahigit sa sampung araw, paglilipat na pandisiplina, at pagtitiwalag
- §8-19-10 Tagal ng mga aksiyong pandisiplina
- §8-19-11 Mga Kahaliling aktibidad na pang-edukasyon at iba pang tulong kapag ang mga mag-aaral ay napatunayang lumabag sa kabanatang ito

Sub-kabanata 3 Gawain ng Mag-aaral na Labag sa Kagandahang-asal at Pagdidisiplina sa Paaralang Pantag-init

- §8-19-12 Mga aksiyong pandisiplina; awtoridad
- §8-19-13 Ipinagbabawal na asal ng mag-aaral; klase ng mga pagkakasala

Sub-kabanata 4 Paghahalughog at Pagsamsam sa Paaralan

- §8-19-14 Polisiya sa pagbubukas at inspeksiyon ng mga taguan (locker) ng mag-aaral
- §8-19-15 Polisiya sa pangkalahatang paghahalughog at pagsamsam sa paaralan
- §8-19-16 Awtoridad
- §8-19-17 Mga kondisyon kung saan ang pangkalahatang paghahalughog at pagsamsam sa paaralan ay maaaring ipatupad
- §8-19-18 Ipinagbabawal na mga paghahalughog at pagsamsam

Sub-kabanata 5 Pag-uulat ng mga Pagkakasala

- §8-19-19 Pag-uulat ng klase A at klase B na mga pagkakasalang nagaganap sa paaralan
- §8-19-20 Bayad-pinsala sa pagka-ulat ng klase A at klase B na mga pagkakasala
- §8-19-21 Pagkabigong mag-ulat ng klase A o klase B na mga pagkakasalang nagaganap sa paaralan; mga bunga ng pangyayaring ito

Sub-kabanata 6 Mga Panayam at Pagdakip ng Pulisya

- §8-19-22 Mga panayam ng pulisya sa paaralan para sa mga pagkakasalang may kaugnayan sa paaralan
- §8-19-23 Mga panayam ng pulisya sa paaralan para sa mga pagkakasalang walang kaugnayan sa paaralan
- §8-19-24 Mga pagdakip ng pulisya sa paaralan

Sub-kabanata 7 Pagbabayad-pinsala para sa Bandalismo

- §8-19-25 Pananagutan para sa bandalismo
- §8-19-26 Mga paraang angkop sa bandalismo
- §8-19-27 Pinawalang-bisa
- §8-19-28 Pinawalang-bisa
- §8-19-29 Pinawalang-bisa

Paalalang Pangkasaysayan: Ang kabanatang ito ay ibinatay nang malaki sa Kagawaran ng Edukasyon na “Alituntunin 21, Kaugnay sa Disipilina ng Mag-aaral” (“Rule 21, Relating to Student Discipline”) [Eff 3/28/64; am 11/29/73; am 5/01/76; R 9/1/82]; “Alituntunin 3, Kaugnay sa mga Panayam at Pagdakip ng Pulisya sa mga Mag-aaral sa Oras ng Pag-aaral” (“Rule 3, Relating to Police Interviews and Arrest of Students During School Hours”) [Eff 9/23/63; am 6/20/77; R 9/1/82]; “Alituntunin 24, Kaugnay sa Paninigarilyo ng mga Mag-aaral sa Bakuran ng Paaralan” (“Rule 24, Relating to Students Smoking on School Premises”) [Eff 3/28/64; R 9/1/82].

SUB-KABANATA 1

MGA TADHANANG PANGKALAHATAN

§8-19-1 Pilosopiya. (a) Nagtatag at nagtataguyod ang Hawaii ng pambuong-estadong sistema ng pampublikong edukasyon. Ang kalikasan ng mahigpit na pagpapatupad ng pagpasok sa paaralan ay tumitiyak na ang mag-aaral ay magkakaroon ng oportunidad para sa isang edukasyon. Bilang dagdag sa edukasyon na ipinagkakaloob sa regular na taon ng pasukan, naghahandog ang kagawaran sa mga mag-aaral ng oportunidad na makatanggap ng karagdagang pagtuturo at mga serbisyong pang-edukasyon sa pamamagitan ng may sariling tustos na programang pag-aaral sa tag-init na dinadaluhan nang kusang-loob . Nakatalaga ang kagawaran na:

- (1) Magkaloob sa mag-aaral ng pinakamahusay na mga kondisyon sa pagkatuto;
- (2) Pumili ng mga angkop na guro na magtuturo sa mga mag-aaral; at
- (3) Iba pang mga programang tutulong sa mag-aaral upang magtagumpay.

Noong 1996, ang kagawaran ng edukasyon ng estado ng Hawaii ay nagpasimula ng isang pagtutulungan at sistematikong reporma na kilala bilang Comprehensive Student Support System (CSSS), na nagkaloob sa lahat ng mag-aaral ng tuloy-tuloy na mga suporta at serbisyong pang-akademiko, panlipunan, pandamdamin, at pangkapaligiran upang mapadali ang kanilang pagkatuto at pagtugon sa mataas na mga pamantayang pang-edukasyon. Ito ay ugnayan ng nagmamalasakit at sumusuportang komunidad ng CSSS na binubuo ng mga mag-aaral, guro, pamilya, at ahensiyang sama-samang nagtrabaho sa pagtataguyod ng mga napapanahon at angkop na serbisyo para sa lahat ng mag-aaral. Ang layon ng sistema ng paaralan ay magkaloob ng isang karanasan sa pag-aaral na nagpapahintulot sa lahat ng mag-aaral na makamit ang Pananaw ng Nagtapos sa Pampublikong Paaralan (Vision of the Public School Graduate), 2005-2008 Planong Estratehiko ng Kagawaran ng Edukasyon (Department of Education Strategic Plan), Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Hawaii (State of Hawaii Department of Education), Tanggapan ng Superintendente (Office of Superintendent), Hunyo 2005, sa ligtas, nag-aalaga, nagpapaunlad, at maayos na mga kapaligiran sa pagtuturo at pag-aaral.

(b) Pananagutan ng bawat mag-aaral na magpamalas nang magalang, responsable, ligtas, at etikal na mga kilos sa transportasyon ng kagawaran ng edukasyon, o habang nagaganap ang aktibidad na itinaguyod ng kagawaran ng edukasyon sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan. Sinusuportahan ito ng kagawaran sa pamamagitan ng

pagtatatag ng sistemang gumagawa ng pangunang hakbang na pamamaraan sa pambuong-paaralang disiplina.

(c) Gayunman, kapag ang kilos ng mag-aaral ay lumalabag sa itinatag na mga polisiya, alituntunin, o regulasyon ng kagawaran, estado at lokal na mga batas, ang kagawaran ay maaaring magsagawa ng tamang aksiyong pandisiplina alinsunod sa kabanatang ito. Ang layunin ng pinangasiwaang disiplina ng paaralan ay upang:

- (1) Itaguyod at panatilihin ang isang ligtas at walang panganib na kapaligirang pang-edukasyon;
- (2) Turuan at kilalanin ang tamang kilos na kapaki-pakinabang sa prosesong pang-edukasyon at pansariling pag-unlad;
- (3) Hadlangan ang mga mag-aaral mula sa gawa na sagabal sa layunin ng edukasyon o kung saan ito ay pumipinsala sa sarili, laban sa sarili o salungat sa kaayusang panlipunan; at
- (4) Panatilihin ang tamang asal ng mag-aaral upang matiyak na ang mga aktibidad at pananagutang pang-edukasyon ay nananatiling hindi naaabala.

(d) Ang isang manggagawa sa larangan ng edukasyon na nagsasagawa o lumalahok sa isang programa ng paaralan, aktibidad, o pagtitipon na itinaguyod o inaprobahan ng kagawaran, o tinanggap na magtrabaho upang magpatupad ng tungkuling pang-edukasyon, ay may sapat na inaasahan upang maging malaya sa hindi nararapat na pag-abala at pagbabanta ng kaguluhan o gawa ng karahasan, o pareho, na ginawa laban sa kanila ng mga mag-aaral.

(e) Bilang karagdagan sa aksiyong pandisiplinang isinagawa sa ilalim ng kabanatang ito, ang pagbabayad-pinsala para sa bandalismo o para sa kapabayaan ay gagawin alinsunod sa mga tadhana sa kabanatang ito. Ang layunin ng pagbabayad-pinsala ay upang mahimok na iwasan ang mga gawa ng bandalismo at kapabayaan at tiyakin ang pagbawi ng halaga ng pampublikong ari-ariang napinsala ng mga gawa ng bandalismo at kapabayaan.

(f) Sa mga okasyong kinakailangan para sa mga opisyal ng pulisya na makapanayam ang mga mag-aaral o kunin sila sa pag-iingat. Ang kabanatang ito ay inilaan din upang ipagtanggol ang mga karapatan at interes ng mga mag-aaral sa pagpasok, makipag-tulungan sa mga opisyal ng pulisya sa pagganap ng kanilang mga tungkulin, pangalagaan ang paligid ng paaralan, at maipaliwanag ang mga responsibilidad ng mga tauhan ng paaralan. [Eff 9/1/82; am 5/23/86; am at comp 7/19/93; am at comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: Hawaii Const. Art. X, §3; HRS §§302A-1101, 302A-1112)

§8-19-2 Mga Kahulugan. Tulad ng ginamit sa kabanatang ito:

“Mapanlait na salita” (Abusive language) ay nangangahulugan ng pasalitang mga mensahe na gumagamit ng mga salita sa hindi angkop na paraan at maaaring kabilang ngunit hindi limitado sa pagsusumpa, pagmumura, o kawalang-galang.

“Pananakit” (Assault) ay nangangahulugan ng sadya, kusa, walang-ingat, o pabaya na nagiging sanhi ng malubhang pinsala sa katawan o pinsala sa katawan ng isang tao na mayroon o walang mapanganib na instrumento.

“Pang-aapi” (Bullying) ay nangangahulugan ng anumang nakasulat, pasalita, nakalarawan, o pisikal na gawa na ipinapakita ng isang mag-aaral o grupo ng mag-aaral patungkol sa iba pang partikular na (mga) mag-aaral at ang kilos ay nagiging dahilan ng pangkaisipan o pisikal na pinsala sa iba pang (mga) mag-aaral; at sapat na malubha, mapilit, o laganap na lumilikha ito ng pananakot, pagbabanta, o pag-aabuso sa kapaligirang pang-edukasyon para sa iba pang (mga) mag-aaral.

“Pandarambong” (Burglary) ay nangangahulugan ng pagpasok o pananatili nang walang awtorisasyon ng paaralan sa isang gusali na pag-aari o pinapatakbo ng kagawaran ng edukasyon na may hangad na magsagawa ng pagkakasala laban sa isang tao, o laban sa ari-arian ng paaralan o iba pang ari-ariang matatagpuan sa paaralan.

“Di-pagpasok sa klase” (Class cutting) ay nangangahulugan ng hindi awtorisadong pagliban sa klase ng mag-aaral.

“Superintendente ng kabuuang lugar” (Complex area superintendent) ay nangangahulugan ng punong tagapangasiwang opisyal ng isang kabuuang lugar at mga kaugnay na mga paaralan doon.

“Kontrabando” (Contraband) ay nangangahulugan na ang isang ari-arian, maliban kung labag sa batas na bumuo o magtaglay, kung saan, tulad ng pakahulugan ng mga alituntunin ng lokal na paaralan, ay ipinagbabawal sa bakuran ng paaralan na sa nakalipas ay humantong sa pinsala sa katawan o paghinto ng operasyon ng paaralan.

“Kontroladong substansiya” (Controlled substance) ay nangangahulugan ng isang gamot o substansiya na binigyang kahulugan sa I hanggang V sa kabanata 329, Hawaii Revised Statutes.

“Pagtutuwid at kumperensiya sa mag-aaral” (Correction and conference with student) ay nangangahulugan ng pakikipag-pulong ng isang mag-aaral sa tagapangasiwa, sa kanilang (mga) guro, at/o magulang at tumatanggap ng pagtuturo sa pagpapamalas ng tamang kilos.

“Krisis na pag-aalis” (Crisis removal) ay nangangahulugan ng agarang pagpapa-alis ng isang mag-aaral mula sa paaralan sa panahon ng kagipitan, sa dahilang ang asal ng mag-aaral ay nagpapakita ng isang

malinaw, agarang pagbabanta sa pisikal na kaligtasan ng sarili o iba, o ang mag-aaral ay lubhang napakagulo kung kaya ang paggawa ng agarang pag-aalis sa mag-aaral ay kinakailangan upang pangalagaan ang karapatan ng iba pang mga mag-aaral na ipagpatuloy ang kanilang edukasyon na malaya mula sa hindi nararapat na pagkaabala.

“Pang-aapi sa cyber” (Cyberbullying) ay nangangahulugan ng mga gawang elektronikong pagpapadala, tulad ng internet, cell phone, personal digital assistance (PDA), o wireless na hawak ng kamay na aparato na ipinakita ng isang mag-aaral patungkol sa ibang mag-aaral o kawani ng kagawaran na nagiging sanhi ng pangkaisipan o pisikal na pinsala sa iba pang (mga) mag-aaral o tauhan ng paaralan at ito ay sapat na malubha, mapilit, o laganap na lumilikha ito ng pananakot, pagbabanta, o pag-aabuso sa kapaligirang pang-edukasyon:

- (1) Sa kampus, o iba pang bakuran ng kagawaran ng edukasyon, sa transportasyon ng kagawaran ng edukasyon, o habang ginaganap ang itinaguyod ng kagawaran ng edukasyon na aktibidad o pangyayari sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan;
- (2) Sa pamamagitan ng sistema ng datos ng kagawaran ng edukasyon nang walang awtorisadong komunikasyon mula sa kagawaran ng edukasyon; o
- (3) Sa pamamagitan ng computer network sa labas ng kampus na sapat na malubha, mapilit, o laganap na lumilikha ito ng pananakot, pagbabanta, o pag-aabuso sa kapaligirang pang-edukasyon para sa ibang mag-aaral o tauhan ng paaralan, o pareho.

Sa pagtataya kung ang asal ay binubuo ng panliligalig, pananakot o pang-aapi, marapat na natatanging pagpansin ang itutuon sa mga salitang napili o sa mga isinagawang aksiyon, maging ang asal ay naganap sa harap ng iba o sinabi sa iba, kung paano nakihalubilo ang nagkasala sa biktima, at ang naging motibo, inamin man o angkop na ipinahiwatig. Ang mga elektronikong transmisyon ay kabilang ang sumusunod ngunit hindi limitado sa paggamit ng datos, computer software na makukuha sa pamamagitan ng computer, computer network system, iba pang mga sistemang nasa computer, mga cellular phone, o ibang kaparehong elektronikong mga aparato na nagpapakita ng e-mail, text messaging, blogs, photos, drawings, video clips, on-line community websites, o faxes, o kombinasyon ng nauunang nabanggit.

“Mapanganib na instrumento, o ‘substansiya’” (Dangerous instrument, or ‘substance’) ay nangangahulugan ng anumang pampasabog na aparato, instrumento, materyal, o kemikal, maging may-buhay o walang-buhay, na kung sa paraang ito ay ginamit o binabalak na

gamitin ay batid na kayang pumatay o manakit. Ang mga halimbawa ng gayong mga bagay ay kabilang ngunit hindi limitado sa mga lanseta, bombang tubo (pipe bomb) na mga aparato, paputok, pepper spray, mace, mga gamit sa martial arts gaya ng sticks at throwing stars; at mga walang-buhay na mga bagay gaya ng mga tubo, patpat, o baseball bat na ipinalo sa isang tao sa isang mapanganib na paraan para maging sanhi o banta ng pinsala sa katawan.

“Mapanganib na sandata” (Dangerous weapon) ay nangangahulugan ng instrumento na ang nag-iisang disenyo at layunin ay magdulot ng pinsala sa katawan o kamatayan. Ang mga halimbawa ng gayong mga instrumento ay kabilang ngunit hindi limitado sa dirk, patalim, butterfly knife, switchblade knife, blackjack, slug shot, billy, metal knuckles, o iba pang mga sandata na magdudulot ng pinsala sa katawan o kamatayan.

“Kagawaran” (Department) ay nangangahulugan ng kagawaran ng edukasyon.

“Pagpipigil” (Detention) ay nangangahulugan ng pagpipigil sa isang mag-aaral sa kampus ng paaralan sa mga oras na walang klase upang atasan ang mag-aaral na gampanan sa loob ng paaralan ang pang-edukasyon o iba pang mga aktibidad na maaaring iatas ng mga opisyal ng paaralan bilang isang uri ng aksiyong pandisiplina para sa paglabag sa kagandahang-asal ng mag-aaral.

“Paglilipat na pandisiplina” (Disciplinary transfer) ay nangangahulugan ng pag-aalis sa isang mag-aaral mula sa paaralan kung saan siya pumapasok bilang resulta ng isang paglabag sa seksiyon 8-19-6. Hindi kabilang sa paglilipat na pandisiplina ang mga kasong patungkol sa pagpapawalang-saysay ng mga eksepsiyong pangheograpiya sa ilalim ng kabanata 13 ng titulo 8 sa ilalim ng mga pangyayari kung saan ang layunin para sa paggawad ng eksepsiyong pangheograpiya ay wala nang bisa.

“Pagtiwalag” (Dismissal) ay nangangahulugan ng pagtanggap sa isang mag-aaral mula sa mga pampublikong paaralan ng Hawaii para sa natitirang panahon ng taong pampaaralan o para sa panahong hindi bababa kaysa sa isang taon ng kalendaryo para sa mga paglabag ukol sa mga armas.

“Magulong asal” (Disorderly conduct) ay nangangahulugan ng mga sumusunod na mga aksiyon o aktibidad sa kampus o iba pang bakuran ng kagawaran ng edukasyon, sa transportasyon ng kagawaran ng edukasyon, o habang ginaganap ang itinaguyod ng kagawaran ng edukasyon na aktibidad o pangyayari sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan:

- (1) Sumasali sa pakikipag-away o pagbabanta, o sa marahas o maingay na kilos gaya ng pagsigaw o paghiyaw, o pareho;
- (2) Lumilikha ng labis-labis na ingay na nagiging sanhi ng paghinto ng normal na operasyon ng paaralan;
- (3) Lumilikha ng anumang nakakasakit na masagwang pagsasalita, pagsenyas, o pagpapamalas, o pagkausap ng mapanlait na salita sa sinumang taong nakaharap, na kung saan ay malamang na humantong sa marahas na pagtugon;
- (4) Lumilikha ng kondisyong mapanganib o pisikal na nakakasakit sa pamamagitan ng anumang gawa na hindi ginagampanan sa ilalim ng anumang awtorisadong lisensiya o pahintulot;
- (5) Humahadlang o humaharang sa sinumang tao sa pampublikong paaralan para sa layunin na magpalimos o manghingi ng limos o iba pang uri ng tulong; o
- (6) Hindi naaangkop na pisikal na kontak kabilang ngunit hindi limitado sa pagkakasundong pagtatalik o pagkakasundong paghipo sa mga parte ng katawan, o pareho.

“Mga kagamitan sa droga” (Drug paraphernalia) ay nangangahulugan ng anumang mga kagamitan, produkto, o materyales ng anumang uri, o kumbinasyon niyon na kung saan ay ginamit, binalak para gamitin, o dinesenyo para gamitin, sa pagtatanim, pag-aani, pagbubuo, pag-iimbak, paglalagay sa sisidlan, pagtatago, pag-iiniksiyon, paglulon, paglanghap, o kundi man ay pagpapasok sa katawan ng tao ng isang kontroladong substansiya bilang paglabag sa kabanatang ito.

Kabilang dito, ngunit hindi limitado sa:

- (1) Mga kit, aparato, kasangkapan, separation gin, balance scale, blender, mangkok, sisidlan, kutsara, kapsula, lobo, sobre, iba pang mga bagay na ginamit, binalak para gamitin, o dinesenyo para gamitin sa paghahanda, pagproseso, paghahalo, pag-iimbak, o pagtatago ng mga kontroladong substansiya;
- (2) Hypodermic na mga hiringgilya, karayom, at iba pang mga bagay na ginamit, binalak para gamitin, o dinesenyo para gamitin sa pamamagitan ng pag-iniksiyon ng mga kontroladong substansiya sa katawan ng tao;
- (3) Mga bagay na ginamit, binalak para gamitin, o dinesenyo para gamitin sa paglulon, paglanghap, o kundi man paggamit ng marijuana, cocaine, hashish, o hashish oil, o mga uri ng methamphetamine, o mga anabolic steroid para sa katawan ng tao, gaya ng:

- (A) Metal, kahoy, salamin, acrylic, bato, plastik, o ceramic na mga pipa, tubo ng tubig, pansigarilyo at mga carburetion mask, roach clip; na ang ibig sabihin ay mga bagay na ginamit upang mahawakan ang nasusunog na mga materyales gaya ng sigarilyong marijuana, na naging masyadong maliit o maikli para hawakan ng kamay;
- (B) Pinaliit na mga kutsara ng cocaine, at mga cocaine vial, bongs, ice pipes, o chiller; at
- (C) Anuman at lahat ng iba pang kagamitan sa droga tulad ng inilarawan at binigyang kahulugan alinsunod sa seksiyon 329-1, Hawaii Revised Statutes.

“Manggagawa sa larangan ng edukasyon” (Educational worker) ay nangangahulugan ng sinumang tagapangasiwa, espesyalista, tagapayo, guro, o kawani ng kagawaran ng edukasyon, o isang taong nagboluntaryo sa programa ng paaralan, aktibidad, o pagtitipon na itinaguyod o aprobado ng kagawaran ng edukasyon, o isang taong kinontrata ng kagawaran ng edukasyon at nagtrabaho sa pagpapatupad ng tungkuling pang-edukasyon.

“Pangingikil” (Extortion) ay nangangahulugan ng isang gawa na ginawa ng isang tao na:

- (1) Kumukuha, o nagsisikap kontrolin, ang ari-arian o serbisyo ng isang tao na may balak na agawin sa taong iyon ang ari-arian o mga serbisyo sa pamamagitan ng pagbabanta sa salita o asal upang:
 - (A) Maging sanhi ng pinsala sa katawan sa hinaharap sa taong binantaan o sinumang iba pang tao;
 - (B) Maging sanhi ng pagkasira ng ari-arian;
 - (C) Isailalim ang taong binantaan o sinumang iba pang tao sa pisikal na pagkukulong o pagpipigil;
 - (D) Ilantad ang isang lihim o ilathala ang isang pinagtibay na katotohanan, maging tama o mali, na pinapamahalaang isailalim ang ilang tao sa pagkapoot, paghamak, o pangungutya, o pinsalain ang mabuting pagkilala o reputasyon sa negosyo ng isang tao;
 - (E) Ibunyag ang anumang impormasyong sinisikap itago ng taong binantaan o sinumang iba pang tao;
 - (F) Tumestigong magkaloob ng impormasyon, o pigilin ang pahayag o impormasyon patungkol sa legal na pag-angkin o depensa ng ibang tao;

- (G) Gawin o pigilin ang aksiyon bilang isang pampublikong lingkod, o maging sanhi para sa isang pampublikong lingkod na gawin o pigilin ang ganoong aksiyon;
 - (H) Simulan o ipagpatuloy ang isang welga, boykot, o iba pang katulad na sama-samang aksiyon, upang makuha ang ari-arian na kung saan ay hindi hiningi o tinanggap para sa benepisyo ng grupo na hinahangad ng mag-aaral na katawanin; o
 - (I) Gawin ang anumang iba pang gawa kung saan hindi ito sa kalahatan pakikinabangan ng taong nagsagawa ng pagkilos ngunit kung saan kinalkula na malaki ang pinsala sa ilang tao hinggil sa kalusugan, kaligtasan, edukasyon, negosyo, bokasyon, karera, kalagayang pinansiyal, reputasyon, o personal na relasyon ng taong iyon;
- (2) Pumipilit o humihimok sa isa pang tao upang kumilos kung saan ang taong iyon ay may legal na karapatang di-lumahok o di-lumahok mula sa pagkilos na kung saan ang taong iyon ay may legal na karapatang sumali sa pamamagitan ng pagbabanta sa salita o kilos na gawin ang anumang aksiyong inilathala sa talata (A) hanggang (I) ng kahulugang ito; o
 - (3) Gumagawa o namumuhunan sa anumang palugit ng kredit, o naniningil sa anumang palugit ng kredit sa pamamagitan ng labis-labis na paraan.

“Pakikipag-away” (Fighting) ay nangangahulugan ng nagsusulsol o nag-uudyok ng pisikal na kontak kasangkot ang galit o poot; Kabilang sa pakikipag-away ang mga sumusunod ngunit hindi limitado sa:

- (1) Pakikipaglaban ng isa sa isa na pisikal kontak kasangkot ang galit o poot;
- (2) Panunukso, panliligalig, pagbabanta, o pananakot sa iba na nagreresulta sa pisikal na kontak kasangkot ang galit o poot;
- (3) Pisikal na gumaganti para sa panunukso, panliligalig, pagbabanta, o pananakot na kilos; pasalitang nanunulsol; o
- (4) Pisikal na tumutulong sa isang away sa pamamagitan ng pagiging naroon nito at nagpapalakas ng loob.

“Armas” (Firearm) ay nangangahulugan ng:

- (1) Anumang sandata na kabilang ngunit hindi limitado sa mga starter gun, shot gun, air gun na kabilang ang mga BB gun, pellet gun, paintball guns, o pana o anumang iba pang

instrumento na kung saan ididisenyo o dinesenyo o maaaring madaling palitan upang alisin ang isang pagtudla;

- (2) Ang frame o receiver ng anumang ganoong sandata;
- (3) Anumang mapler ng armas o silencer ng armas; o
- (4) Anumang mapaminsalang aparato. Ang terminong “mapaminsalang aparato” ay nangangahulugan ng:
 - (A) Anumang sumasabog, nakasusunog, o nakakalasang gas:
 - (i) Bomba;
 - (ii) Granada;
 - (iii) Raket na mayroong nagtutulak na kargada;
 - (iv) Misil na mayroong pasabog o pansunog na kargada;
 - (v) Mina; o
 - (vi) Aparatong katulad sa anumang mga aparatong inilarawan sa naunang sugnay;
 - (B) Anumang uri ng sandata na kung saan madaling mapapalitan, o kung saan maaaring madaling mapalitan upang maalis ang pagtudla, kabilang ngunit hindi limitado sa isang sandata na nag-aalis ng pagtudla sa pamamagitan ng aksiyon ng pasabog o iba pang paputok; o
 - (C) Anumang kumbinasyon o mga bahagi na dinesenyo o binalak para gamitin sa pagpapalit ng anumang aparato na isinalarawan sa itaas, at mula kung saan ang isang mapanirang aparato ay maaaring madaling pagtipun-tipunin.

“Panghuhuwad” (Forgery) ay nangangahulugan ng:

- (1) Isang mag-aaral na pumipirma ng pangalan ng iba kaysa sa sariling pangalan ng mag-aaral sa isang dokumento; o
- (2) Di-legal na produksiyon o pagpaparami ng mga materyales gaya ng tiket sa pangangalap ng pondo o tiket sa larong pampalakasan.

“Pagsusugal” (Gambling) ay nangangahulugan ng pagpupusta o pagbabakasakali sa isang bagay na may halaga sa kinalabasan ng isang paligsahan ng sapalaran o sa isang di-inaasahang pangyayari sa hinaharap na wala sa kontrol o impluwensiya ng tao, batay sa isang kasunduan o pag-unawa na ang tao o isang tao ay tatanggap ng isang bagay na may halaga batay sa isang tiyak na resulta. Hindi kasama sa pagsusugal ang mga legal na transaksyon sa pangangalakal na nasa ilalim ng batas ng mga kontrata, kabilang ngunit hindi limitado sa mga kontrata para sa pamimili o pagbebenta sa hinaharap na petsa ng mga

panagot (securities) o mga kalakal, at mga kasunduan upang mabayaran ang pagkawala na sanhi ng sapalarang pangyayari, kabilang ngunit hindi limitado sa mga kontrata ng bayad-pinsala o garantiya at paseguro sa buhay, kalusugan o aksidente.

“Panliligalig” (Harassment) ay nangangahulugan ng isang mag-aaral na nanliligalig, nang-aapi, kabilang ang pang-aapi sa cyber (cyberbullying), nang-iinis, o nananakot ng isa pang tao sa pamamagitan ng pagkasangkot sa sumusunod na asal na kabilang ngunit hindi limitado sa:

- (1) Pamamalo, panunulak, paninipa, o kundi man ay panghihipo sa tao sa paraang nakakasakit o pagsasailalim sa taong iyon sa pisikal na kontak na nakakasakit;
- (2) Pang-iinsulto, panunuya, o paghahamon sa isang tao sa paraang malamang na mag-udyok ng marahas na pagtugon;
- (3) Nagpapahayag ng mga kilos o salita na nagiging sanhi para ang ibang tao ay makaramdam ng pagiging hindi komportable, kagipitan, takot, o pangamba sanhi ng mga dahilang kabilang ngunit hindi limitado sa lahi, kulay, bansang pinanggalingan, angkan, kasarian, kasama ang pagkakakilanlan at pahayag ng kasarian, relihiyon, kapansanan, o seksuwal na oryentasyon ng isang tao na lumilikha ng takot, poot, o nakakasakit na kapaligirang pang-edukasyon, o humahadlang sa edukasyon ng mag-aaral, o may masamang epekto sa oportunidad sa edukasyon ng mag-aaral o mga mag-aaral;
- (4) Panunukso, paggawa ng mga walang-galang na pagsenyas, pang-iinsulto, o panunukso ng ibang tao na makakaramdam ng paghamak, takot, pagbabanta, o pagkapahiya;
- (5) Tumatawag sa telepono nang walang layunin ng lehitimong komunikasyon;
- (6) Pagsasagawa ng mga paulit-ulit na komunikasyon nang hindi nagpapakila, o sa mga alanganing oras, o sa nakakasakit na masagwang pangungusap sa kampus, o sa bakuran ng ibang kagawaran ng edukasyon, sa transportasyon ng kagawaran ng edukasyon, o habang ginaganap ang itinaguyod ng kagawaran ng edukasyon na aktibidad o pangyayari sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan.
- (7) Nananakot upang pigilan ang iba sa lehitimong pagpasok o paggamit ng mga gusali ng paaralan, ng mga pasilidad, ng mga serbisyo, o ng looban gaya ng, ngunit hindi limitado sa, mga pasilidad tulad ng banyo; o

- (8) Pisikal na pananakit, pisikal na paghadlang, pagbabanta, o pananambang, o kumbinasyon ng mga unang nabanggit.

“Pagpapahirap bilang pagsubok sa katapatan ng ibig sumapi o bagong kasapi ng samahan” (Hazing) ay nangangahulugan ng anumang ipinagagawa o paraan ng pagpasok sa anumang samahan ng mag-aaral o aktibidad, sa kampus man o sa ibang bakuran ng kagawaran ng edukasyon, sa transportasyon ng kagawaran ng edukasyon, o habang ginaganap ang itinaguyod ng kagawaran ng edukasyon na aktibidad o pangyayari sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan, na sinasadya o walang pakundangang nagdudulot ng panganib sa kalusugang pisikal o pag-iisip ng sinumang mag-aaral. Ang gayong asal ay kabilang, ngunit hindi limitado sa pagpalo, pagbugbog, pagtatatato, puwersahang pagpapa-ehersisyo, pagbibilad sa klima, puwersahang pagpapakain ng anumang pagkain, alak, inumin, droga o ibang substansiya, masagwang paglalantad, o anumang iba pang pagtrato o puwersahang pisikal na aktibidad na malamang ay may masamang epekto sa kalusugang pisikal o pag-iisip, o sa pareho, o sa kaligtasan ng sinumang mag-aaral, o magsasailalim sa sinumang mag-aaral sa labis na tensyon sa pag-iisip, kabilang ang kakulangan ng tulog o pahinga, mas pinatagal na pagbubukod o personal na pagkapahiya.

“Pang-aagaw ng sapilitan habang naglalakbay ” (Hijacking) ay nangangahulugan ng pangngikil sa ibang tao sa pamamagitan ng pananakot o nahiwatigang pananakot.

“Pagpatay” (Homicide) ay nangangahulugan ng pagiging sanhi ng kamatayan ng ibang tao.

“Mali o kahina-hinalang paggamit, o pareho, ng mga kagamitan at kasangkapang pang-internet ” ay nangangahulugan ng paglabag ng mag-aaral sa mga Polisiya sa Paggamit ng Internet (Internet Access Policy),¹ Regulasyon sa Paggamit ng Internet (Internet Access Regulations)², at sa Mga Gabay sa Katanggap-tanggap na Paggamit ng Suportang Serbisyo ng Sangay ng Network (Network Support Services Branch’s Acceptable User Guidelines)³ sa paggamit ng mga computer at network na mga pantulong. Ang mga halimbawa ng mga hindi nararapat o kahina-hinalang paggamit ng mga pantulong na computer at network ng kagawaran ay kabilang ngunit hindi limitado sa di pagpapagana (disable) o paglaktaw (bypass) sa mga pansala (filter), software para sa pagsusugal, software

¹ Board of Education Policy 2170, sinusugan 10/1997, <http://lilinode.k12.hi.us/STATE/BOE/POL1.NSF>

² Hawaii Department of Education 2170.1 Internet Access Regulations, sinusugan 08/2000, <http://www.k12.hi.us/~atr/policy2000/intaccreg.htm>

³ Department of Education Network and Internet Services, isinapanahon 11/29/2004; <http://nssb.k12.hi.us>

para sa music sharing , o mga malalaswang sekswal na litrato at larawan na hindi nagtataguyod ng misyon at layunin ng kagawaran. Ang mga kopya ng mga polisiyang ito ay matatagpuan sa mga website na nakalista sa mga talababa (footnote) o makukuha sa tanggapan ng paaralan.

“Mga ipinagbabawal na gamot” (Illicit drugs) ay nangangahulugan ng mga substansiya, pagtataglay, pamamahagi, paglulon, paggawa, paggamit, pagbebenta, o paghahatid nito, na ipinagbabawal sa ilalim ng kabanata 329, Hawaii Revised Statutes at kabanata 712, bahagi IV, Hawaii Revised Statutes.

“Indibiduwal na pagtuturo kaugnay ng mga problema sa ikinikilos ng mag-aaral” (Individualized instruction related to student’s problem behaviors) ay nangangahulugan na bilang resulta ng aksiyong pandisiplina, ang mag-aaral ay tumatanggap ng indibiduwal na pagtuturo na partikular sa tukoy na problema sa mga ikinilos ng mag-aaral na iyon. Ang mga halimbawa ng indibiduwal na pagtuturo ay kabilang ngunit hindi limitado sa pagbuo at pagpapatupad ng mga planong sumusuporta sa kilos, pagbuo ng mga kontrata sa pagkilos o pagsasanay sa kakayahan sa pakikipagkapwa, o kumbinasyon ng nauunang nabanggit.

“Pagsuway sa utos ng nakatataas” (Insubordination) ay nangangahulugan ng pagwawalam-bahala o pagtanggap na sumunod sa isang utos na karapatang ibigay ng guro, opisyal, o iba pang kawani ng kagawaran.

“Pagsuspende sa loob ng paaralan” (In-school suspension) ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay pansamantalang paaalisin sa kanyang programa sa paaralan para sa mga layuning pandisiplina ngunit mananatili siya sa ilalim ng diretsong pamamahala ng tauhan ng paaralan upang makumpleto ang pagtuturo.

“Pansamantalang alternatibong lugar para sa edukasyon” (Interim alternative educational setting) o “IAES” ay nangangahulugan ng pansamantalang paglilipat sa mag-aaral na nasuspende o kundi man naalis sa kanyang kasalukuyang kinalalagyang lugar ng pag-aaral sa mga dahilang pandisiplina na kung saan ay patuloy na tatanggap ang mag-aaral ng mga serbisyong pang-edukasyon upang maipagpatuloy ng mag-aaral ang paglahok sa pangkalahatang kurikulum ng edukasyon at umunlad tungo sa mga layuning itinakda sa IEP ng mag-aaral.

“Paggamit ng nakalalasing na substansiya” (Intoxicating substance use) ay nangangahulugan ng paggamit sa anumang substansiya, na nagiging sanhi ng pagkagambala ng normal na paggana ng katawan o pag-iisip na kabilang ngunit hindi limitado sa alkohol.

“Laser na panulat/panturo” (Laser pen/pointer) ay nangangahulugan ng aparato na naglalabas ng maliwanag na laser na ilaw na lumilitaw gaya ng isang tuldok sa anumang ibabaw kung saan ito

nakatuon at walang awtorisasyon ang layunin at paggamit mula sa kagawaran ng edukasyon. Maliban kung awtorisado, ang pagtataglay o paggamit ay ipinagbabawal sa kampus o sa ibang bakuran ng kagawaran ng edukasyon, sa transportasyon ng kagawaran ng edukasyon, o habang ginaganap ang itinaguyod ng kagawaran ng edukasyon na aktibidad o pangyayari sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan.

“Pag-alis sa kampus nang walang pahintulot” (Leaving campus without consent) ay nangangahulugan ng pag-alis sa bakuran ng paaralan, pasilidad ng kagawaran ng edukasyon, o programa ng kagawaran ng edukasyon nang hindi muna humihingi ng pahintulot sa mga opisyal ng paaralan.

“Mga ikinilos na hindi gaanong malaking problema” (Low intensity problem behaviors) ay nangangahulugan ng mga kilos na hindi malimit gawin, sinamahan lamang sa maikling panahon, at hindi nagdudulot ng malubhang pinsala;

“Inihulog sa koreo” o “Ipinadala sa koreo” (Mail or mailed) ay nangangahulugan ng mga dokumentong ipinadala sa pamamagitan ng:

- (1) Sulat na ipinadala sa regular na koreo;
- (2) Sulat na ipinadala na may sertipikasyon ng koreo; o
- (3) Sulat na ipinadala na humihingi ng resibo.

“Mga ikinilos na maliliit na problema lamang” (Minor problem behaviors) ay nangangahulugan ng pagpapamalas ng mga kilos na hindi mabigat na problema na maaaring kabilang, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod.

- (1) “Paglaban/Kawalang-galang/Di-pagsunod” (Defiance/disrespect/non-compliance) ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay kasangkot sa sandali lamang o hindi mabigat na pagsuway sa mga kahilingan ng taong nasa hustong gulang;
- (2) “Pang-aabala” (Disruption) ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay kasangkot sa hindi mabigat, wala sa lugar na pang-aabala;
- (3) “Paglabag sa panuntunan ukol sa pananamit” (Dress code violation) ay nangangahulugan ng mag-aaral na nagsusuot ng damit na hindi ayon sa mga panuntunan ukol sa pananamit na binigyang kahulugan ng paaralan;
- (4) “Masamang pananalita” (Inappropriate language) ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay sangkot sa isang pagkakataon ng masamang pananalita na hindi gaanong mabigat;

- (5) “Pisikal na kontak” (Physical contact) ay nangangahulugang sangkot ang mag-aaral sa hindi lubha, at wala sa lugar na pisikal na kontak;
- (6) “Maling paggamit ng ari-arian” (Property misuse) ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay sangkot sa hindi mabigat na maling paggamit ng ari-arian;
- (7) “Huli” (Tardy) ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay dumarating sa paaralan nang nakapagbukas na ang paaralan o nakapagsimula na ang klase, o pareho.

“Pagpapabaya” (Negligence) ay nangangahulugan ng pagkabigong gawin ang pag-aalaga na ginagawa ng isang mahinahon at maingat na tao sa mga katulad na pangyayari na magreresulta sa pagkapinsala ng isang tao o sa pagkawala, pagkawasak, pagbasag, o pagkasira ng mga libro, kasangkapan, o mga kagamitan ng paaralan.

“Magulang” (Parent) ay nangangahulugan ng tunay o legal na magulang, legal na tagapag-alaga o iba pang legal na tagapag-ingat ng mag-aaral. Para sa mga mag-aaral na labing-walong taong gulang o pataas, lahat ng mga karapatan dito ng mga magulang ay inililipat sa mag-aaral.

“Paninira ng ari-arian” (Property damage) o “bandalismo” (vandalism) ay nangangahulugan ng:

- (1) Paninira ng ari-arian ng paaralan o ng ibang tao;
- (2) Pagwasak o paninira ng anyo ng ari-arian ng paaralan o pasilidad; o
- (3) Pagwasak o paninira ng anyo ng mga kagamitan sa paaralan, gaya ng ngunit hindi limitado sa mga planner, tag ng pangalan na pagkakakilanlan, o mga kard sa pagkain.

“Pagbibigay ng maling alarma” (Rendering a false alarm) ay nangangahulugan ng isang mag-aaral na lumilikha ng maling alarma para sa sunog o para sa iba pang panahon ng kagipitan na ipinadadala sa opisyal na bolunter sa sunog o nasa loob ng kagawaran ng sunog, sa anumang ahensiya ng gobyerno, o sa pampublikong yutilidad na nakatalagang tumugon sa mga nakaambang panganib sa buhay o ari-arian sa mga panahon ng kagipitan.

“Pagbabayad-pinsala” (Restitution) ay nangangahulugan ng pagbabayad ng salapi o hindi salapi sa kagawaran o Estado ng Hawaii na katumbas ng makatwirang halaga ng ari-arian ng pampublikong paaralan na nawala, nasira, nabasag o napinsala dahil sa pagpapabaya o bandalismo ng mag-aaral.

“Panloloob” (Robbery) ay nangangahulugan na habang ginagawa ang pagnanakaw, o pag-agaw ng sapilitan habang naglalakbay, ang mag-aaral ay:

- (1) Nagtatangkang papatay ng tao, o nagdudulot o nagtatangkang magdulot ng malubhang pinsala sa katawan ng isang tao; o
- (2) Mayroon o walang mapanganib na sandata ay:
 - (A) Gumagamit ng puwersa laban sa tao upang daigin ang pisikal na pagtutol o ang lakas ng pisikal na paglaban;
 - (B) Nagbabanta na gagamit ng puwersa laban sa tao o sa sinumang naroroon upang mapilitan ang mga tao na ibigay ang mga ari-arian at hayaan silang makatakas dala ang mga iyon; o
 - (C) Nagdudulot ng malubhang pinsala sa katawan ng tao.

“Paaralan” o “pampublikong paaralan” (School or public school) ay nangangahulugan ng lahat ng akademiko at hindi pangkolehiyong uri ng mga paaralan na itinatag at pinapanatili ng kagawaran alinsunod sa batas ng estado.

“Mga aklat pampaaralan” (School books) ay nangangahulugan ng silid-aklatan at mga teksbuk.

“Opisyal ng paaralan” (School official) ay nangangahulugan ng sinumang tagapangasiwa, dalubhasa, tagapayo, guro, katulong sa seguridad ng paaralan, o iba pang empleyado ng kagawaran, na may pananagutan sa pamamahala ng mga mag-aaral. Hindi kabilang ang mga indibiduwal na kinontrata ang mga serbisyo.

“Mga pagkakasala na kaugnay sa paaralan” (School related offenses) ay nangangahulugan ng mga pagkakasala patungkol sa ari-arian ng paaralan, o mga pagkakasalang ginawa sa kampus, o iba pang bakuran ng kagawaran ng edukasyon, sa transportasyon ng kagawaran ng edukasyon, o habang ginaganap ang itinaguyod ng kagawaran ng edukasyon na aktibidad o pangyayari sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan.

“Mga alituntunin ng paaralan” (School rules) ay nangangahulugan ng mga alituntunin sa asal para sa buong paaralan na itinatag ng paaralan.

“Kawani ng paaralan” (School staff) ay nangangahulugan ng sinumang guro, opisyal, o iba pang empleyado ng kagawaran.

“Paghahalughog” (Search) ay nangangahulugan ng kung pagkatapos hilingin sa mag-aaral na boluntaryong talikuran ang kontrabandong (mga) bagay at tumanggi ang mag-aaral at may mga makatwirang dahilan upang maniwala na nilabag ng mag-aaral ang batas o mga tadhanang ipinagbabawal sa ilalim ng kabanatang ito, o kung may usaping pangkalusugan o pangkaligtasan sa ipinagbabawal na gamot, mga mapanganib na mga sandata, mga mapanganib na instrumento o

armas, o kumbinasyon ng mga nabanggit, ay maaaring suriin ng opisyal ng paaralan ang mga nilalaman ng lalagyan at mga pag-aari na maaaring kabilang ngunit hindi limitado sa mga pitaka, fanny pack, backpack, diyaket, sapatos, medyas, o anumang iba pang panlabas na damit.

“Pagsamsam” (Seizure) ay nangangahulugan ng pagsamsam ng (mga) kontrabando na natuklasan habang ginaganap ang paghahalughog.

“Malubhang disiplina” (Serious discipline) ay nangangahulugan ng mga aksiyong pandisiplina kabilang ang mga pagtitiwalag, paglilipat na pandisiplina, krisis na pag-aalis, at mga pagsuspende ng paaralan na mahigit sa sampung araw o magreresulta sa krisis na pag-aalis o pagsuspende sa apektadong mag-aaral nang mahigit na sampung araw sa isang semestre.

“Seksuwal na pambabastos” o “seksuwal na pananakit” (Sexual offense or sexual assault) ay nangangahulugan ng hindi ginustong paghipo o pagsungab sa mga seksuwal na bahagi, malaswang paglalantad, puwersahang pakikipagtalik, pakikipag-oral sex, o iba pang seksuwal na kontak sa kabila ng malinaw at mahigpit na pahayag ng pagtanggap ng katawan at isipan.

“Paninigarilyo” o “paggamit ng tabako” (Smoking or use of tobacco) ay nangangahulugan ng pagtataglay, paggamit, pagbebenta o pamamahagi ng mga produkto ng tabako sa kampus, o sa ibang bakuran ng kagawaran ng edukasyon, sa transportasyon ng kagawaran ng edukasyon, o habang ginaganap ang itinaguyod ng kagawaran ng edukasyon na aktibidad o pangyayari sa loob o labas ng pag-aari ng paaralan.

“Pagpapahubad sa paghahalughog” (Strip search) ay nangangahulugan ng paghahalughog, kung saan ay kailangang hubarin ang kasuotan na nagreresulta sa pagkalantad ng mga ari, dibdib ng babae, o damit panloob o kumbinasyon niyon.

“Pagsuspende” (Suspension) ay nangangahulugan ng pagtanggap mula sa paaralan sa isang tukoy na panahon sa loob ng regular na taong pampaaralan.

“Switchblade na lanseta” (Switchblade knife) ay nangangahulugan ng anumang lansetang may talim na otomatikong nabubuksan:

- (1) Sa pamamagitan ng presyur ng kamay na itinutuon sa isang buton o iba pang aparato sa hawakan ng lanseta; o
- (2) Sa pamamagitan ng inertia (lakas), grabidad, o pareho.

“Banta ng terorismo” (Terroristic threatening) ay nangangahulugan ng:

- (1) Pagbabanta sa salita o gawa, upang manakit ng ibang tao o makapanira ng ari-arian ng ibang tao;

- (2) May tangkang maging sanhi, o walang pakundangan sa lilikhaing panganib na magiging sanhi ng paglikas ng mga tao sa isang gusali, lugar ng pagtitipon, o pasilidad ng pampublikong transportasyon; o
- (3) Pagpapakita ng sandatang “kamukha” (look-alike) ng baril o armas.

“Pagnanakaw” (Theft) ay nangangahulugan ng:

- (1) Pagkuha, o pagsisikap na kontrolin, ang ari-arian ng ibang tao at pag-agaw ng ari-arian ng taong iyon;
- (2) Pagkuha, o pagsisikap na kontrolin ang ari-arian ng ibang tao sa pamamagitan ng panlilinlang at pag-agaw ng ari-arian ng taong iyon;
- (3) Pagkuha, o pagsisikap na kontrolin ang ari-arian ng isang tao na ang alam ng tao ay nawala na o nailagay sa maling lugar, o naihatid nang nagkamali ang kalikasan o halaga ng ari-arian, ang pagkakakilanlan ng tumatanggap, o ang iba pang katotohanan, at sa pagtatangka na agawin ang ari-arian sa may-ari, ay nabigo ang tao na magsagawa ng mga tamang hakbang upang matuklasan ito at malaman ng may-ari;
- (4) Pagkuha ng mga serbisyo na alam ng tao na maaari lamang magamit kapag binayaran, sa pamamagitan ng panlilinlang, maling katunayan, o iba pang mga paraan upang maiwasan ang pagbabayad sa mga serbisyo;
- (5) Pagkakaroon ng kontrol sa pamamahagi ng mga serbisyo ng isang tao na wala siyang karapatan sa mga iyon ngunit inililihis ang mga sebisyong iyon tungo sa sariling pakinabang o sa pakinabang ng ibang tao na walang karapatan doon;
- (6) Pagkabigong gawin ang mga kinakailangang pamamahagi ng pondo sa pamamagitan ng:
 - (A) Pagkuha ng ari-arian ng sinuman batay sa isang kasunduan, o alinsunod sa nalalamang legal na obligasyon, upang gumawa ng tukoy na pagbabayad o iba pang pamamahagi, maging mula sa ari-arian o sa pinagbilhan nito o mula sa sariling ari-arian ng tao na nakalaan sa katumbas na halaga, at pagturing sa ari-arian bilang sariling pag-aari at pagkabigong gawin ang kinakailangang pagbabayad o pamamahagi; o
 - (B) Pagkuha ng mga personal na serbisyo mula sa isang kawani batay sa kasunduan o alinsunod sa isang

- nalalamang legal na obligasyon na magbayad o iba pang pamamahagi ng pondo sa ikatlong tao bilang pagsasaalang-alang sa pagtrabaho, at sinadyang hindi pagbabayad o pamamahagi sa tamang oras;
- (7) Pagtanggap, pananatili, o pagtatapon ng ari-arian ng ibang tao, na alam na ninakaw, na may tangkang agawin sa may-ari ang ari-arian; o
 - (8) Pangungupit sa tindahan (Shoplifting):
 - (A) Pagtatago o pagtataglay ng mga kalakal o paninda ng anumang tindahan ng kagawaran ng edukasyon o nagtitinging bahay-kalakal ng kagawaran ng edukasyon, na may tangkang mandaya;
 - (B) Pag-iiba ng presyo ng tag o iba pang marka ng kalakal sa anumang tindahan ng kagawaran ng edukasyon o nagtitinging bahay-kalakal ng kagawaran ng edukasyon, na may tangkang mandaya; o
 - (C) Paglilipat ng mga kalakal at paninda sa anumang tindahan ng kagawaran ng edukasyon o nagtitinging bahay-kalakal ng kagawaran ng edukasyon mula sa isang lalagyan papunta sa iba, na may tangkang mandaya.

“Pagpasok ng walang pahintulot” (Trespass) ay nangangahulugan ng pagpasok o pananatili sa loob o bakuran ng anumang paaralan, o pasilidad ng kagawaran ng edukasyon pagkaraan nang sapat na babala o kahilingan ng awtoridad ng paaralan o opisyal ng pulisya na umalis.

“Paglalakwatsa” (Truancy) ay nangangahulugan ng hindi pagpasok ng mag-aaral sa (mga) klase o kampus ng paaralan nang walang awtorisasyon mula sa prinsipal o taong hinirang. [Eff 9/1/82; am 5/23/86; am at comp 7/19/93; am at comp 5/19/97; am at comp 2/22/01; am at comp 9/10/09] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: Hawaii Const. Art. X, §3; HRS §§302A-101, 302A-1101, 302A-1112, 302A-1134, 302A-1134.5)

§8-19-3 Pagpapatupad. (a) Ang mga tadhana ng kabanatang ito ay ipatutupad sa lahat ng mag-aaral na nakatala sa isang pampublikong paaralan sa panahon ng regular na taong pampaaralan, sesyon sa tag-init, o sa pagitan ng mga sesyon sa kabila ng kanilang edad na may karagdagan, na sa labas ng oras ng sesyon ng paaralan, ang mga nangangaserang mag-aaral ay sasailalim sa mga alituntunin ng dormitoryo na binuo ng paaralan at sinang-ayunan sa pamamagitan nang

nakasulat na pagsang-ayon ng (mga) magulang o (mga) legal na tagapag-alaga ng mga nangangaserang mag-aaral.

(b) Ang mga alituntuning pampangasiwaan ng Hawaii para sa mga mag-aaral na may-kapansanan ay ipatutupad sa disiplina ng mga mag-aaral na karapat-dapat na tumanggap ng natatanging edukasyon o iba pang serbisyo sa ilalim ng mga kabanatang iyon.

(c) Ang mga pagbanggit sa prinsipal o taong hinirang sa sub-kabanata 2 ay ipapakahulugan na kabilang ang direktor ng paaralang pantag-init para sa mga layunin ng disiplina sa paaralang pantag-init. Ang mga pagbanggit sa taon ng pasukan sa kabanatang ito ay mangangahulugan na sesyon sa tag-init kapag may paaralang pantag-init.

(d) Ang disiplina sa pagitan ng mga sesyon at sa paaralang pantag-init ay sakop ng sub-kabanata 3. Ang disiplina ng mga mag-aaral na tumatanggap ng mga serbisyo ng natatanging edukasyon sa panahong pinahabaang taon ng pasukan ng mag-aaral ay sakop ng sub-kabanata 2 at ng mga panuntunan at mga pangangailangan ng mga alituntuning pampangasiwaan ng Hawaii para sa mga mag-aaral na may-kapansanan.

(e) Sa lahat ng mga kaso ng mga aksiyong pampangasiwaan at pag-uulat kaugnay ng mag-aaral, ang kabanata 8-34 ay ipatutupad. Bilang karagdagan, para sa mga mag-aaral na tumatanggap ng mga serbisyo ng natatanging edukasyon, ang mga alituntuning pampangasiwaan ng Hawaii para sa mga mag-aaral na may-kapansanan ang mangibabaw.

(f) Walang aksiyong kaugnay ng pagsuspende, malubhang disiplina, o pagbabayad-pinsala para sa bandalismo o kapabayaang isasagawa maliban kung alinsunod sa kabanatang ito.

(g) Lahat ng mga bagay na kaugnay ng panayam o pagdakip sa mag-aaral na ginagawa ng pulisya, o pareho, ay pangangasiwaan alinsunod sa kabanatang ito. [Eff 9/1/82; am 5/23/86; am at comp 7/19/93; am at comp 5/19/97; am at comp 2/22/01; am at comp 9/10/09] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: Hawaii Const. Art. X, §3; HRS 302A-1101)

§8-19-4 Pagbubukod. Kung ang anumang tadhana o pagpapatupad ng kabanatang ito sa sinumang tao o pangyayari ay pinawalang-bisa, ang kawalang-bisa nito ay walang epekto sa iba pang mga tadhana o pagpapatupad ng kabanata na maipatutupad nang wala ang pinawalang-bisang tadhana o pagpapatupad, at tungo sa pagpapatupad, ang mga tadhana ng kabanatang ito ay magagamit nang bukod. [Eff 5/23/86; comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; comp 9/10/09] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: HRS §302A-1112)

SUB-KABANATA 2

GAWAIN NG MAG-AARAL NA LABAG SA KAGANDAHANG-ASAL AT
DISIPLINA SA PANAHOON NG REGULAR NA TAON NG PASUKAN

§8-19-5 Mga aksiyong pandisiplina; awtoridad. (a) Ang mga pagsuspende nang lampas sa sampung araw ng pasukan o mga pagsuspende na magreresulta sa pagkasuspende ng mag-aaral ng higit sa kabuuang sampung araw ng pasukan sa anumang isang semestre, mga paglilipat na pandisiplina, pagtitiwalag, at palugit ng krisis na pag-aalis ay aaprobahan ng superintendente ng kabuuang lugar.

(b) Ang mga krisis na pag-aalis at pagsuspende ng sampung araw ng pasukan o mas mababa ay maaaring aprobahan ng prinsipal o taong hinirang.

(c) Sa pagtitiyak ng aksiyong pandisiplina, isasaalang-alang ng prinsipal o taong hinirang ang balak ng nagkasala, ang kalikasan at bigat ng pagkakasala, ang epekto ng pagkakasala sa iba kabilang na kung ang aksiyon ay ginawa ng isang indibiduwal o grupo ng mga indibiduwal gaya ng gang, ang edad ng nagkasala, at kung ang nagkasala ay paulit-ulit na nagkasala. [Eff 9/1/82; ren §8-19-4, 5/23/86; am at comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09] (Auth: HRS §§302A-1112, 302A-1002) (Imp: HRS §§302A-1112, 302A-1002)

§8-19-6 Ipinagbabawal na asal ng mag-aaral; klase ng mga pagkakasala. (a) Ang mga sumusunod na ipinagbabawal na asal ay naaangkop sa lahat ng mag-aaral sa sistema ng pampublikong paaralan, sa kampus, o iba pang bakuran ng kagawaran ng edukasyon, sa transportasyon ng kagawaran ng edukasyon, o habang ginaganap ang itinaguyod ng kagawaran ng edukasyon na aktibidad o pangyayari sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan.

- (1) Klase A na mga pagkakasala:
 - (A) Pananakit;
 - (B) Pandarambong;
 - (C) Mapanganib na instrumento, o substansiya; pagtataglay o paggamit nito;
 - (D) Mapanganib na mga sandata; pagtataglay, o paggamit nito;

- (E) Mga kagamitan sa droga; pagtataglay, paggamit, o pagbebenta nito;
 - (F) Pangingikil;
 - (G) Pakikipag-away;
 - (H) Mga armas; pagtataglay o paggamit nito;
 - (I) Pagpatay;
 - (J) Mga ipinagbabawal na gamot; pagtataglay, paggamit, o pagbebenta nito;
 - (K) Nakalalasing na mga substansiya; pagtataglay, paggamit, o pagbebenta nito;
 - (L) Paninira ng ari-arian o bandalismo;
 - (M) Panloloob;
 - (N) Seksuwal na mga pambabastos; o
 - (O) Banta ng Terorismo
- (2) Klase B na mga pagkakasala:
- (A) Pang-aapi;
 - (B) Pang-aapi sa cyber;
 - (C) Magulong asal;
 - (D) Maling alarma;
 - (E) Panghuhuwad;
 - (F) Pagsusugal;
 - (G) Panliligalig;
 - (H) Pagpapahirap bilang pagsubok sa katapatan ng ibig sumapi o bagong kasapi ng samahan;
 - (I) Mga hindi nararapat o kahina-hinalang paggamit, o pareho, ng mga kagamitan o kasangkapang pang-internet, o ng pareho;
 - (J) Pagnanakaw; o
 - (K) Pagpasok nang walang pahintulot.
- (3) Klase C na mga pagkakasala:
- (A) Mapanlait na pananalita;
 - (B) Di-pagpasok sa klase;
 - (C) Pagsuway sa utos ng nakatataas;
 - (D) Laser na panulat/panturo; pagtataglay o paggamit nito;
 - (E) Pag-alis sa kampus nang walang pahintulot;
 - (F) Paninigarilyo o paggamit ng mga substansiya ng tabako; o
 - (G) Paglalakwatsa.
- (4) Klase D na mga pagkakasala:
- (A) Mga kontrabando; pagtataglay o paggamit nito;
 - (B) Mga asal na maliliit na problema; o

- (C) Iba pang alituntunin ng paaralan.
- (i) Anumang iba pang asal na maaaring iatas at ipagbawal ng mga alituntunin ng paaralan. Ang indibiduwal na mga alituntunin ng paaralan ay ilalathala o ihahanda sa tanggapan ng paaralan para sa inspeksiyon at ipagbibigay-alam sa mga mag-aaral, kawani ng paaralan, at mga magulang ang mga ipinagbabawal na asal sa ilalim ng klase A hanggang D ng seksiyong ito.
 - (ii) Walang aksiyong pandisiplina na katumbas ng malubhang disiplina ang ipapataw para sa paglabag sa anumang indibiduwal na alituntunin ng paaralan bilang isang klase D na pagkakasala.

(b) Ang sinumang mag-aaral na nagtataglay ng armas ay ititiwalag sa paaralan nang hindi bababa sa isang taon ng kalendaryo. Ang pagtataglay o paggamit ng armas ay ipinagbabawal sa kampus, o ibang bakuran ng kagawaran ng edukasyon, sa transportasyon ng kagawaran ng edukasyon, o habang ginaganap ang itinataguyod ng kagawaran ng edukasyon na aktibidad o pangyayari sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan maliban sa pakikilahok sa mga koponan ng atleta, klab at/o mga programang pampalakasan sa pagtudla at pagsasanay sa kahusayan sa pagbaril, edukasyon, at mga kompetisyon ng Junior Reserve Officer Training Corp (JROTC). Ang superintendente o taong hinirang, depende sa kaso, ay maaaring baguhin ang pagtitiwalag sa mag-aaral na napatunayang nagtataglay ng armas. Kung ang mag-aaral ay itiniwalag sa paaralan, ang mag-aaral na iyon ay dapat paglaanan ng mga kapalit na aktibidad na pang-edukasyon o iba pang naaangkop na tulong na itinadhana ng seksiyon 8-19-11.

(c) Ang sinumang mag-aaral na nagtataglay, nagbebenta, o gumagamit ng mapanganib na sandata, switchblade na lanseta o anumang lanseta na hindi tama ang paggamit, nakalalasing na (mga) substansiya, o ipinagbabawal na (mga) gamot habang pumapasok sa paaralan ay maaaring hindi papasukin sa paaralan nang hanggang siyamnapu't dalawang araw sa loob ng taong pampaaralan. Ang sinumang mag-aaral na kitang-kitang nasa ilalim ng impluwensiya ng nakalalasing na (mga) substansiya o ipinagbabawal na (mga) gamot, nakaubos o gumamit nito bago pumasok sa paaralan o habang dumalo sa mga aktibidad na pinangangasiwaan ng kagawaran na ginaganap sa kampus, o sa ibang bakuran ng kagawaran ng edukasyon, sa transportasyon ng kagawaran ng edukasyon, habang ginaganap ang

itinaguyod ng kagawaran ng edukasyon na aktibidad o pangyayari sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan ay maaaring hindi papasukin sa paaralan nang hanggang siyamnapu't dalawang araw ng taon ng pasukan at ipatutupad sa paaralan ang isang instrumento ng pagsusuri sa paggamit ng substansiya upang matiyak kung kailangang ipasailalim ang mag-aaral sa isang pagtatasa ng pagmamalabis sa substansiya alinsunod sa seksiyon 302A-1134.6(f), Hawaii Revised Statutes. Ang tagapangasiwa ng paaralan ay nararapat sumunod sa mga tadhana ng kabanatang ito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng imbestigasyon sa iniulat na pangyayari at ipagbibigay-alam sa magulang ang aksiyong pandisiplina. Bilang karagdagan, isasaayos ng tagapangasiwa ng paaralan para sa mag-aaral na masuri ng isang sanay na tagasuri. Isasabuod ng hinirang na tagasuri sa mag-aaral ang mga resulta, at ipagbibigay-alam ang mga resulta sa tagapangasiwa ng paaralan. Pagkatapos ay ipagbibigay-alam ng tagapangasiwa ng paaralan sa pamilya ang mga resulta ng pagsusuri, mga tadhana ng batas ukol sa maagang pagbalik, at magbibigay ng listahan ng kontak na mga ahensiya ng pasegurong medikal na nagsasagawa ng mga pagtatasa ng pagmamalabis sa substansiya. Habang ginagawa ang pagsusuri, tatanungin ang mag-aaral ng mga serye ng tanong upang matiyak kung ang mag-aaral ay humaharap sa maliit, malaki o mahigpit na panganib bunga ng problema ng paggamit ng substansiya. Kung ang panayam sa pagsusuri ay nagpapakita ng mataas o labis na mataas na resulta, ang mag-aaral ay isasailalim sa isang pormal na pagtatasa ng pagmamalabis sa substansiya. Ang pormal na pagtatasa ng pagmamalabis sa substansiya ay magbibigay ng pangklinikal na ekspertong opinyon upang matiyak kung may problemang pagmamalabis ng substansiya, at kung mayroon nga, ay magbibigay ng mga mungkahi sa paggamot. Kung isinasailalim sa pagtatasa ng pagmamalabis sa substansiya, ang mga mag-aaral na may medikal na pasegurong pangkalusugan ay hihilingin na tumawag sa kanilang medical health carrier upang magtakda ng pakikipagtagpo. Kabilang sa mga propesyonal na makapagbibigay ng pagtatasa ng pagmamalabis sa substansiya ay ang mga certified substance abuse counselors (CSAC), psychiatrists, advanced practice registered nurses (APRN), psychologists, at lisensiyadong pangklinikal na mga social worker. Ang prinsipal o taong hinirang ay makapag-aaproba ng mga pagsuspende ng isa hanggang sampung araw ng taong pampaaralan. Aprobahan ng superintendente ng kabuuang lugar ang mga pagsuspendeng mahigit sa sampung araw ng taong pampaaralan. Sa pagtupad ng malayang pasiyang ito at pagtitiyak ng mga aksiyong pandisiplina, isasaalang-alang ng prinsipal o taong hinirang ang kalikasan at kabigatan ng pagkakasala, ang epekto ng pagkakasala sa iba, ang edad ng nagkasala, at kung ang nagkasala ay

paulit-ulit na nagkakasala. Kung ang mag-aaral ay hindi pinapasok sa paaralan, titiyakin ng prinsipal o taong hinirang na maglalaan para sa mag-aaral ng kapalit na aktibidad na pang-edukasyon o iba pang naaangkop na tulong na suporta, at isasailalim ang mag-aaral sa angkop na pamamagitan o mga serbisyo sa paggamot, o sa pareho, na tutukuyin ng prinsipal o taong hinirang nang may konsultasyon sa kinauukulang kawani ng paaralan o nang alinsunod sa mga alituntuning pampangasiwaan ng Hawaii para sa mga mag-aaral na may-kapansanan, kung ito ang nararapat.

(d) Ipatutupad ang aksiyong pandisiplina para sa lahat ng klase ng mga pagkakasala sa mga gradong kindergarten hanggang labindalawa alinsunod sa mga paraang itinatag sa ilalim ng kabanatang ito at sa loob ng mga sumusunod na pagpipilian na tiniyak ng mga hinirang na awtoridad sa seksiyon 8-19-5. Ang mga pamamagitan upang turuan ang mga mag-aaral ng mga tamang asal ay dapat itatag kapag ipinataw ang mga aksiyong pandisiplina. Maaaring kabilang sa mga pagpipiliang aksiyong pandisiplina ang mga sumusunod:

- (1) Pagtutuwid at pakikipag-usap sa mag-aaral;
- (2) Pagpipigil;
- (3) Krisis na pag-aalis;
- (4) Indibiduwal na pagtuturo kaugnay ng mga kilos ng mag-aaral na problema;
- (5) Pagsuspende sa loob ng paaralan;
- (6) Pansamantalang kapalit na lugar ng edukasyon;
- (7) Pagkawala ng mga pribilehiyo;
- (8) Mga pakikipag-usap sa magulang;
- (9) Pananatili sa tanggapan;
- (10) Pagsuspende ng isa hanggang sampung araw ng pasukan;
- (11) Pagsuspende ng labing-isang araw ng pasukan o higit pa;
- (12) Paaralang Pansabado;
- (13) Paglilipat na pandisiplina;
- (14) Pagsasailalim sa mga alternatibong programa ng edukasyon;
- (15) Pagtitiwalag; o
- (16) Pagbabayad-pinsala.

(e) Papayuhan ang mga mag-aaral bilang karagdagan sa anumang aksiyong pandisiplina na isinagawa sa ilalim ng mga sub-seksiyon (c) at (d).

(f) Walang aksiyong katumbas ng malubhang disiplina ang ipapataw sa mga mag-aaral na gumawa ng klase D na mga pagkakasala.

(g) Walang pagsuspende o malubhang disiplina ang ipapataw sa sinumang mag-aaral dahil sa di-pagpasok sa klase o paglalakwatsa.

(h) Ang mga pagpipiliang aksiyong pandisiplina ng sub-seksiyon (c) at (d) ay ituturing na mga aksiyong pandisiplina sa loob ng taon ng pasukan.

(i) Ang mga aksiyong pandisiplina ay maaaring ituloy sa susunod na taon ng pasukan kung ang pagkakasala ay ginawa sa loob ng dalawampung araw ng taong pampaaralan mula sa huling araw ng pagtuturo para sa mag-aaral ng taon ng pasukan na iyon. [Eff 9/1/82; am at ren §8-19-5, 5/23/86; am at comp 7/19/93; am at comp 5/19/97, am at comp 2/22/01; am at comp 9/10/09] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: HRS §§302A-1112, 302A-1134, 302A-1134.5)

§8-19-7 Krisis na pag-aalis. (a) Ang prinsipal o taong hinirang, sa panahon ng kagipitan, ay maaaring kaagad magsagawa ng krisis na pag-aalis sa mag-aaral batay sa panimulang pagsisiyasat at mga natuklasan na ang asal ng mag-aaral ay nagdudulot ng isang malinaw na agarang banta sa pisikal na kaligtasan ng sarili o ng ibang tao o lubhang nakakaabala na kinakailangan ang agarang pagpapa-alis sa mag-aaral upang mapangalagaan ang karapatan ng ibang mag-aaral na makapagpatuloy sa edukasyon na malaya sa wala sa lugar na pang-aabala.

(b) Pagpapataw ng krisis na pag-aalis, matapat na sisikapin ng mga paaralan na agad itong ipagbigay-alam sa magulang sa pamamagitan ng telepono.

(c) Ang kasunod na nakasulat na pasabi ng krisis na pag-aalis ay personal na ihahatid o ipadadala sa magulang sa koreo. Ang pasabi ukol sa krisis na pag-aalis ay maglalaman ng sumusunod na mga nakasulat na pahayag:

- (1) Mga paratang ng partikular na mga gawa na inasal ng mag-aaral na pinagbatayan ng krisis na pag-aalis;
- (2) Mga napatunayang paratang ng partikular na mga asal ;
- (3) Ang pahayag ng (mga) aksiyong pandisiplina; at
- (4) Ang pahayag sa petsa, oras, at lugar ng pag-uusap na inialok ng pangasiwaan ng paaralan upang makipagpulong sa magulang.

Ang kopya ng pasabi ukol sa krisis na pag-aalis ay ipadadala sa koreo ng superintendente ng kabuuang lugar. Bilang karagdagan sa pasabi ukol sa krisis na pag-aalis na inaatas ng sub-seksiyong ito, susubukang ng prinsipal o taong hinirang na tawagan ang magulang sa telepono upang pagtibayin ang pasabi.

(d) Ang mag-aaral na sumasailalim sa isang krisis na pag-alis ay pahihintulatang bumalik sa pagpasok sa paaralan sa sandaling mawala na ang krisis.

(e) Ang krisis na pag-aalis ay hindi dapat magpatuloy nang higit sa sampung araw ng taon ng pasukan, maliban kung aprobadong superintendente ng kabuuang lugar sa panahon ng apela. [Eff 9/1/82; am at ren §8-19-6, 5/23/86; am at comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: HRS §302A-1112)

§8-19-7.1 Imbestigasyon. (a) Kaagad pagkatapos magsagawa ng krisis na pag-aalis o kapag ang prinsipal o taong hinirang ay may dahilang maniwala na ang mag-aaral ay sangkot sa isang aktibidad na dapat lamang sa pagpapataw ng isang pagsuspende, magsisimula ang prinsipal o taong hinirang ng malawak na imbestigasyon.

(b) Kapag nagsasagawa ng imbestigasyon, gagawa ang prinsipal o taong hinirang ng matapat na pagsisikap sa hangga't maaari ay pinakamaagang panahon na ipagbigay-alam sa magulang ang tungkol sa imbestigasyon ng paaralan. Kung pagkaraang gumawa ng mga sapat na pagsisikap ay hindi nakayang kontakin ng prinsipal o taong hinirang ang magulang, ang paaralan ay maaari nang magsagawa ng imbestigasyon at tapusin ito. Ang imbestigasyon ay dapat matapos sa lalong madaling panahon. Kung pinili ng prinsipal o taong hinirang na pasimulan ang mga hakbang sa pagpapataw ng malubhang disiplina na iba pa sa krisis na pag-aalis, ang prinsipal o taong hinirang, pagkaraang makumpleto ang imbestigasyon, ay gagawa ng nakasulat na ulat na naglalaman ng maikling buod ng patotoo ng nakapanayam na mga saksi, ng anumang iba pang ebidensiya, at ng (mga) dahilan ng prinsipal o taong hinirang para simulan ang mga hakbang tungo sa pagdidisiplina.

(c) Ibibigay ng prinsipal o ng taong hinirang sa magulang ang pasabi ng mga natuklasan laban sa mag-aaral. Kung tinanggihan ng mag-aaral o magulang ang (mga) sakdal, ipahahayag ng prinsipal o taong hinirang sa magulang at mag-aaral ang ebidensiya na nagpapatunay sa mga natuklasan ng opisyal ng paaralan. Bibigyan ng pagkakataon ang mag-aaral o magulang na iharap ang panig ng mag-aaral tungkol sa pangyayari. [Eff and comp 9/10/09] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: HRS §302A-1112)

§8-19-8 Pagsuspende. (a) Kapag ang prinsipal o taong hinirang ay may dahilang maniwala na ang mag-aaral ay sangkot sa isang

aktibidad na dapat lamang sa pagpapataw ng pagsuspende, ang prinsipal o taong hinirang ay kaagad na magsasagawa ng imbestigasyon sa pangyayari. Pagkaraang makumpleto ang imbestigasyon at pagpapasiya, ang mag-aaral ay maaaring suspendehin kung malalaman ng prinsipal o taong hinirang na ang mga natuklasan ay mapatunayang totoo.

Ipagbibigay-alam ng prinsipal o ng taong hinirang sa magulang ang kapasiyahan at mga aksiyong pandisiplina sa pamamagitan ng sulat.

(b) Kung tinanggihan ng mag-aaral o magulang ang (mga) sakdal, ipahahayag ng prinsipal o taong hinirang sa mag-aaral at magulang ang ebidensiyang hawak ng mga awtoridad ng paaralan na susuporta sa mga natuklasan ng opisyal ng paaralan. Bibigyan ng pagkakataong ang mag-aaral o magulang, o silang dalawa na iharap ang panig ng mag-aaral tungkol sa pangyayari. Gayunman, sa pagkakataong hindi kayang maunawaan ng mag-aaral ang kabigatan ng mga sakdal, ang kalikasan ng mga pamamaraan, at mga resulta niyon, o kung nasa edad, katalinuhan o karanasan na mahihirapan sa makabuluhang pagtalakay, hihilingin ng prinsipal o taong hinirang na humarap ang magulang upang makalahok sa talakayan.

(c) Kung ang kabuuang bilang ng mga araw ng mga pagsuspende sa anumang isang semestre ay humigit sa sampung araw ng taong pampaaralan, ang makatarungang paraan ng kabanatang ito ang iiral maliban kung isinasaad ng batas.

(d) Ang magulang ay bibigyan ng pasalitang pasabi ng anumang pagsuspende gaano man ito kahaba. Ang unang pasabi para sa pagsuspende ay gagawin sa telepono, kung maaari, at ang nakasulat na pasabi ay personal na ihahatid o ipadadala sa magulang sa koreo pagkaraang makumpleto ang imbestigasyon. Ang pasabi ukol sa pagsuspende ay maglalaman ng sumusunod na mga nakasulat na pahayag:

- (1) Mga paratang ng partikular na mga gawa na inasal ng mag-aaral na pinagbatayan ng pagsuspende;
- (2) Mga paratang ng partikular na mga gawa na napatunayan;
- (3) Ang pahayag ng (mga) aksiyong pandisiplina; at
- (4) Ang pahayag sa petsa, oras, at lugar ng pag-uusap na inialok ng pangasiwaan ng paaralan upang makipagpulong sa magulang.

Ang kopya ng pasabi ay ipadadala sa koreo sa superintendente ng kabuuang lugar. Bilang karagdagan pasabi na iniaatas ng sub-seksiyong ito, susubukang ikumpirma ang pasabi sa pamamagitan ng pagtawag sa magulang sa telepono. [Eff 9/1/82; am at ren §8-19-7, 5/23/86; am at comp 7/19/93; comp 5/19/97; am at comp 2/22/01; am at comp 9/10/09] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: HRS §302A-1112)

§8-19-9 Makatarungang pagdinig para sa mga pagsuspende nang mahigit sa sampung araw, mga paglilipat na pandisiplina, at pagtitiwalag.

(a) Kung, batay sa imbestigasyon, ay naniniwala ang prinsipal o taong hinirang na ang mag-aaral ay sangkot sa isang aktibidad na binubuo ng paglabag sa kabanatang ito, at kung iminumungkahi ng prinsipal o taong hinirang na ang ipataw ay malubhang disiplina na iba pa sa krisis na pag-aalis, kaagad ipagbibigay-alam ng prinsipal o taong hinirang sa superintendente ng kabuuang lugar na pasimulan ang mga paraan ng pagdisiplina sa pamamagitan ng pagkuha ng pasalitang awtorisasyon mula sa superintendente ng kabuuang lugar.

(b) Pagkuha ng pasalitang awtorisasyon mula sa superintendente ng kabuuang lugar, gagawa ang prinsipal o taong hinirang ng matapat na pagsisikap upang ipagbigay-alam sa magulang:

- (1) Ang malubhang pangyayari na didisiplinahin,
 - (2) Ang pagkakataon na umapela, at
 - (3) Na ang aksiyong pandisiplina ay kaagad ipatutupad.
- (c) Sa loob ng tatlong araw ng pasalitang awtorisasyon mula sa

superintendente ng kabuuang lugar, ipadadala ng prinsipal o taong hinirang sa koreo ang nakasulat na pasabi ng pangyayari na bibigyan ng mabigat na disiplina na may form ng apela sa magulang. Sapat na ang facsimile na lagda o elektronik na pag-aproba ng pagpapatibay ng superintendente ng kabuuang lugar sa form ng pangyayari na bibigyan ng mabigat na disiplina. Ang nakasulat na pasabi ukol sa mabigat na disiplina ay maglalaman ng mga sumusunod na mga pahayag:

- (1) Mga paratang ng partikular na mga gawa na inasal ng mag-aaral na pinagbatayan ng mabigat na disiplina;
- (2) Mga paratang ng partikular na mga asal na napatunayan;
- (3) Ang pahayag ng (mga) aksiyong pandisiplina; at
- (4) Isang pahayag na may karapatan ang magulang sa isang apela sa superintendente ng kabuuang lugar na doon ang magulang ay maaaring magharap ng ebidensiya, tumawag at tanunging mabuti ang mga saksi, at katawanin ng abogado at hanggang sa ang magulang ay magbibigay ng nakasulat na pasabi ng legal na pagkatawan na humigit-kumulang sa sampung araw ng kalendaryo bago ang apela.
- (5) Kung nanaisin ng mag-aaral o magulang na maghain ng apela, dapat isumite ang apela nang nakasulat at dapat matanggap ng superintendente ng kabuuang lugar bago magsara ang tanggapan sa ika-pitong araw ng pasukan mula sa petsa ng paglalabas ng pasabi ng mabigat na

disiplina. Papayagan ang mag-aaral na pumasok sa paaralan habang hinihintay ang apela maliban kung mapatunayan ng prinsipal na ang patuloy na pagpasok ng mag-aaral ay lumilikha ng malaking panganib sa sarili o sa iba o sa karapatan ng ibang mag-aaral na ipagpatuloy ang kanilang edukasyon nang malaya sa pagkaabala.

Gayunman, hindi lalahok ang mag-aaral sa anumang aktibidad na hindi saklaw ng kurikulum, kabilang ngunit hindi limitado sa palakasan, paglalakbay, o mga klab.

(d) Matapos tanggapin ang isang nakasulat na kahilingan para sa apela, magtatakda ng apela ang superintendente ng kabuuang lugar sa loob ng sampung araw ng pasukan, at ipagbibigay-alam sa magulang ang petsa, oras, at lugar. Ang nakasulat na pasabi ng apela ay ipadadala sa magulang sa pamamagitan ng koreo, sa prinsipal o sa taong hinirang nang humigit-kumulang na labinglimang araw ng kalendaryo bago ng apela. Ang apela ay nararapat gawin ng superintendente ng kabuuang lugar o ng walang pinapanigang tauhan ng kagawaran ng edukasyon, o ng walang pinapanigang taong hinirang, na maaaring isang opisyal ng kagawaran na hinirang ng superintendente ng kabuuang lugar. Ang apela ay isasagawa gaya ng sumusunod:

- (1) Ang apela ay nakasara maliban kung hihilingin ng mag-aaral o magulang na ito ay gawing publiko;
- (2) Ang magulang at prinsipal o hinirang ng prinsipal ay may karapatang magharap ng ebidensiya, tanunging mabuti ang mga saksi, at magsumite ng pagpapabulaang pahayag;
- (3) Ang magulang at prinsipal o hinirang ng prinsipal ay maaaring katawanin ng abogado;
- (4) Ang superintendente ng kabuuang lugar o ang walang pinapanigan na hinirang ng kagawaran ng edukasyon ay hindi kinakailangang sumunod sa pormal na mga alituntunin ng ebidensiya;
- (5) Titimbangin ng superintendente ng kabuuang lugar o ng walang pinapanigang hinirang ng kagawaran ng edukasyon ang iniharap na ebidensiya nang walang kinakampihan.
- (6) Ang magulang, sa sariling gastos ng magulang, ay maaaring magtala o kumuha ng kopya ng tape recording ng kagawaran, o ng transcript ng tape recording ng mga pagdinig kung hihilingin para lamang sa mga layunin ng pagrepaso ng hukuman. Itatala ng superintendente ng kabuuang lugar o ng taong hinirang ng kagawaran ng edukasyon na walang pinapanigan ang isang transcript o tape recording ng mga pagdinig;

(7) Ang superintendente ng kabuuang lugar ay magbibigay ng nakasulat na desisyon nang hindi lalampas sa pitong araw ng pasukan mula sa katapusan ng apela na malinaw na nagsasaad ng mga aksiyong gagawin at ang batayan ng gayong mga aksiyon. Ang nakasulat na desisyon ay ipadadala sa koreo o personal na ihahatid sa magulang, sa nakatalang abogado ng mag-aaral, at isang kopya sa paaralan. Kung ang aksiyong pandisiplina ay sinang-ayunan, ilalagay ng superintendente ng kabuuang lugar ang kabuuang bilang ng mga araw ng pagsuspende at sa loob ng simula at katapusang petsa ng pagsuspende ay isasaalang-alang ang bilang ng mga araw ng pagsuspende na maaaring napagdusahan na ng mag-aaral.

(e) Maaaring umapela ang magulang sa desisyon ng superintendente ng kabuuang lugar sa pamamagitan ng pagbibigay ng nakasulat na pasabi ng kanilang apela at partikular na pahayag kung sila ay humihiling sa superintendente ng edukasyon o taong hinirang ng pagdinig na tumutukoy sa mga partikular na usapin at pangangatuwiran na may mga mga dokumento na nagpapatunay at ebidensiya na inaapela ng indibiduwal. Ang nakasulat na apela ay ipadadala sa superintendente ng edukasyon o taong hinirang sa loob ng pitong araw ng pasukan ng petsa ng nakasulat na desisyon ng superintendente ng kabuuang lugar. Kung walang ginawang partikular na kahilingan para sa isang pagdinig, ang superintendente ng edukasyon o taong hinirang ay magbibigay ng desisyon batay sa buong talaan ng pagdinig ng superintendente ng kabuuang lugar at isinumite ng magulang sa apela. Ang superintendente ng edukasyon o taong hinirang ay magbibigay ng panghuling nakasulat na desisyon. Ang mag-aaral ay pahihintulutang pumasok habang hinihintay ang apela maliban kung mapatunayan ng superintendente ng kabuuang lugar na ang patuloy na pagpasok ng mag-aaral ay lumilikha ng malaking panganib sa sarili o sa iba sa karapatan ng ibang mga mag-aaral na ipagpatuloy ang kanilang edukasyon na malaya mula sa pagkaabala. Sa pangyayaring ang mag-aaral ay tatanggalin sa paaralan habang hinihintay ang apela, ang superintendente ng edukasyon o taong hinirang ay magbibigay ng desisyon sa loob ng dalawampu't isang araw ng kalendaryo ng petsa ng pagkatanggap ng apela.

(f) Pagkatanggap ng nakasulat na apela mula sa magulang o sa abogado ng magulang, ang nakasulat na desisyon ng superintendente ng kabuuang lugar at lahat ng mga dokumento at ginawang pagtatala mula sa pamamaraan na itinadhana sa sub-seksiyon (d) ng seksiyong ito ay ipadadala sa superintendente ng edukasyon o taong hinirang sa loob ng sampung araw ng kalendaryo. Susuriin ng superintendente ng

edukasyon o taong hinirang ang ebidensiya at maghaharap ng desisyon batay sa aksiyong pandisiplina sa loob ng labing-apat na araw ng kalendaryo. Ang desisyon ay personal na ipahahatid o ipadadala sa magulang o abogadong nasa talaan sa pamamagitan ng koreo. Bilang karagdagan, ipagbibigay-alam sa magulang ang karapatang magsumite ng nakasulat na mga pagtutol sa desisyon at magharap ng pangangatuwiran sa superintendente ng edukasyon o taong hinirang. Ang mga nakasulat na pagtutol at ang kahilingan na iharap ang pangangatuwiran sa superintendente ng edukasyon o taong hinirang ay dapat matanggap sa loob ng limang araw ng kalendaryo ng petsa ng desisyong ibinigay ng superintendente ng edukasyon o taong hinirang. Ang isang magulang ay maaaring magsumite ng nakasulat na mga pagtutol at ipaubaya ang karapatang magharap ng pangangatuwiran; gayunman, wala ang karapatan na magharap ng pangangatuwiran nang hindi muna nagsusumite ng nakasulat na mga pagtutol. Kung sa takdang oras ay nagsumite ang magulang ng nakasulat na mga pagtutol at humiling ng karapatan na magharap ng pangangatuwiran, ipagbibigay-alam ng superintendente ng edukasyon o taong hinirang sa magulang, sa loob ng dalawang araw ng pasukan ng pagtanggap ng kahilingan na magharap ng pangangatuwiran ang itinakdang petsa, oras, at lugar para sa paghaharap ng pangangatuwiran. Ang petsa ng paghaharap ng pangangatuwiran ay hindi bababa sa limang araw ng kalendaryo at hindi hihigit sa labing-apat na araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pasabi na nagbibigay-alam sa magulang ng partikular na petsa, oras, at lugar na iharap ang kanilang mga pangangatuwiran. Ipapadala sa magulang o sa nakatalang abogado, sa pamamagitan ng koreo, ng superintendente ng edukasyon o taong hinirang ang nakasulat na desisyon sa loob ng labing-apat na araw ng kalendaryo ng petsa ng paghaharap ng pangangatuwiran o sa kaso kung saan ay ipinaubaya ng magulang ang karapatan ng magulang na iharap ang pangangatuwiran, sa loob ng labing-apat na araw ng kalendaryo ng pagkatanggap ng nakasulat na mga pagtutol ng magulang. [Eff 9/1/82; am at ren §8-19-8, 5/23/86; am at comp 7/19/93; am at comp 5/19/97; am at comp 2/22/01; am at comp 9/10/09] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: HRS §302A-1112)

§8-19-10 Hanggang kailan ang mga aksiyong pandisiplina. (a) Kung hindi maipapataw ang aksiyong pandisiplina bilang resulta ng proseso ng apela, ang aksiyong pandisiplina ay maaaring ipatupad sa susunod na taon ng pasukan sa anumang pampublikong paaralan at hindi kabilang ang paaralang pantag-init.

(b) Kung ang mga gawa, na nagresulta sa aksiyong pandisiplina, ay isinagawa sa loob ng dalawampung araw mula sa huling araw ng patuturo ng mga mag-aaral sa taon ng pasukan ang aksiyong pandisiplina ay maaaring ipatupad sa susunod na taon ng pasukan sa anumang pampublikong paaralan at hindi kasali ang paaralang pantag-init.

(c) Hindi sakop ng seksiyong ito ang mga paglabag tungkol sa armas. Ang aksiyong pandisiplina para sa mga paglabag tungkol sa armas ay mandatoryong hindi bababa sa isang taon ng kalendaryo.

(d) Bukod sa inilarawan sa mga sub-seksiyon (a) at (b), walang aksiyong pandisiplina ang ipagpapatuloy lampas sa taon ng pasukan kung kailan isinagawa ang aksiyon. [Eff 9/1/82; ren §8-19-9, 5/23/86; comp 7/19/93; am at comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: HRS §§302A-1112, 302A-1134)

§8-19-11 Mga kapalit na aktibidad na pang-edukasyon at iba pang tulong kapag ang mga mag-aaral ay napatunayang lumabag sa kabanatang ito. (a) Titiyakin ng superintendente ng kabuuang lugar na maglalaan ang mga pampubliko o pribadong ahensiya ng mga angkop na kapalit na aktibidad na pang-edukasyon o aktibong pakikilahok sa lahat ng mag-aaral na napatawan ng krisis na pag-aalis sa panahong lampas sa sampung araw ng pasukan o nasuspinde sa panahong lampas sa sampung araw ng pasukan.

(b) Para sa lahat ng mag-aaral na nasuspinde nang isa hanggang sampung araw ng pasukan, maaaring isaalang-alang ng prinsipal o taong hinirang ang pagkakaloob ng kapalit na mga aktibidad na pang-edukasyon ayon sa pangangailangan ng mag-aaral.

(c) Ang mga alituntuning pampangasiwaan ng Hawaii para sa mag-aaral na may-kapansanan ay ipatutupad sa mga mag-aaral na karapat-dapat sa ilalim ng kabanatang ito. [Eff 9/12/82; am at ren §8-19-10, 5/23/86; comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09] (Auth: §302A-1112) (Imp: HRS §§302A-1112, 302A-1128)

SUB-KABANATA 3

PAGGAWA NG LABAG SA KAGANDAHANG-ASAL NG MAG-AARAL AT DISIPLINA SA PAARALANG PANTAG-INIT

§8-19-12 Mga aksiyong pandisiplina; awtoridad. Ang direktor ng paaralang pantag-init o taong hinirang ay magpapataw ng aksiyong

pandisiplina laban sa sinumang mag-aaral na pumapasok sa paaralang pantag-init. [Eff 5/23/86; comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: HRS §302A-1112)

§8-19-13 Ipinagbabawal na asal ng mag-aaral; mga klase ng pagkakasala. (a) Ang mga sumusunod na ipinagbabawal na asal ay ipinaiiral sa lahat ng mag-aaral sa paaralang pantag-init sa mga oras ng paaralang pantag-init, sa kampus, o sa ibang bakuran ng kagawaran ng edukasyon, sa transportasyong ng kagawaran ng edukasyon, o habang ginaganap ang itinaguyod ng kagawaran ng edukasyon na aktibidad o pangyayari sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan.

- (1) Klase A na mga pagkakasala:
 - (A) Pananakit;
 - (B) Pandarambong;
 - (C) Mapanganib na instrumento, o substansiya; pagtataglay o paggamit nito;
 - (D) Mapanganib na mga sandata; pagtataglay o paggamit nito;
 - (E) Mga kasangkapan sa droga; pagtataglay, paggamit, o pagbebenta nito;
 - (F) Pangingikil;
 - (G) Pakikipag-away;
 - (H) Mga armas; pagtataglay o paggamit nito;
 - (I) Pagpatay;
 - (J) Ipinagbabawal na mga gamot; pagtataglay, paggamit, o pagbebenta nito;
 - (K) Nakalalasing na mga substansiya; pagtataglay, paggamit, o pagbebenta nito;
 - (L) Paninira ng ari-arian o bandalismo;
 - (M) Panloloob;
 - (N) Mga pagkakasalang seksuwal; o
 - (O) Teroristang pagbabanta;
- (2) Klase B na mga pagkakasala:
 - (A) Pang-aapi;
 - (B) Pang-aapi sa cyber;
 - (C) Magulong asal;
 - (D) Maling alarma;
 - (E) Panghuhuwad;
 - (F) Pagsusugal;
 - (G) Panliligalig;

- (H) Pagpapahirap bilang pagsubok sa katapatan ng ibig sumapi o bagong kasapi ng samahan;
 - (I) Hindi nararapat o kahina-hinalang mga paggamit, o pareho, ng internet na materyales at kasangkapan, o pareho;
 - (J) Pagnanakaw; o
 - (K) Pagpasok ng walang pahintulot.
- (3) Klase C na mga pagkakasala:
- (A) Mapanlait na salita;
 - (B) Di-pagpasok sa klase;
 - (C) Pagsuway sa utos ng nakatataas;
 - (D) Laser na panulat/laser na panturo; pagtataglay o paggamit nito;
 - (E) Pag-alis sa kampus nang walang pahintulot;
 - (F) Paninigarilyo o paggamit ng mga substansiya ng tabako; o
 - (G) Paglalakwatsa.
- (4) Klase D na mga pagkakasala:
- (A) Kontrabando; pagtataglay o paggamit nito;
 - (B) Maliliit na problema sa mga kilos; o
 - (C) Iba pang mga alituntunin ng paaralan.
- (b) Klase C at D na mga pagkakasala: Ang mag-aaral ng paaralang pantag-init na gumawa ng dalawa o anumang klase C o D na pagkakasala tulad ng ipinakahulugan sa seksiyon 8-19-6 sa loob ng panahon ng paaralang pantag-init ay tatanggap ng babala sa unang pagkakasala at maaaring palabasin sa paaralang pantag-init sa ikalawang pagkakasala.
- (c) Ang sinumang mag-aaral na gumawa ng klase A o klase B na pagkakasala ay ititiwalag sa paaralang pantag-init. Ipagbibigay-alam at makikipagpulong sa mag-aaral at magulang ang direktor ng paaralang pantag-init o taong hinirang bago ang pagtitiwalag sa paaralang pantag-init. Ang direktor ng paaralang pantag-init ay maghahain ng ulat sa superintendente ng kabuuang lugar at magbibigay ng kopya sa magulang.
- (d) Ang direktor ng paaralang pantag-init o taong hinirang, sa panahon ng kagipitan, ay maaaring magpataw kaagad ng krisis na pag-aalis sa isang mag-aaral pagkatapos mapagpasiyahan na ang asal ng mag-aaral ay nagpapamalas ng agarang malinaw na banta sa pisikal na kaligtasan ng sarili o iba o napakalubhang pagkaabala na kinakailangan ang madaliang pagpapa-alis sa mag-aaral upang mapangalagaan ang karapatan ng ibang mga mag-aaral na ipagpatuloy ang edukasyon na malaya mula sa hindi nararapat na pagka-abala. Ipagbibigay-alam at

makikipagpulong sa mag-aaral at magulang ang direktor ng paaralang pantag-init o taong hinirang bago muling pabalikin ang mag-aaral sa paaralang pantag-init. Walang mag-aaral ang pabalikin nang walang pulong na ginanap. Ang direktor ng paaralang pantag-init o taong hinirang ay maghahain ng ulat sa superintendente ng kabuuang lugar at magbibigay ng kopya sa magulang. [Eff 5/23/86; am at comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: HRS §302A-1112)

SUB-KABANATA 4

PAGHAHALUGHOG AT PAGESAMSAM SA PAARALAN

§8-19-14 Polisiya sa pagbubukas at inspeksiyon ng mga taguan (locker) ng mag-aaral. Ang mga taguan (locker) sa paaralan na ipinagkaloob sa mga mag-aaral sa kampus ay sumasailalim sa pagbubukas at inspeksiyon (at pag-amoy ng asong galing sa labas) ng mga opisyal ng paaralan sa anumang oras mayroon man o walang dahilan, sa kondisyon na ang mga paghahalughog ay hindi dahil sa lahi, kulay, bansang pinanggalingan, angkan, kasarian, pagkakakilanlan at pahayag sa kasarian, relihiyon, kapansanan, o seksuwal na oryentasyon ng mag-aaral. Ang seksiyon 8-19-15 ay hindi ipaiiral sa pagbubukas at inspeksiyon (at pag-amoy ng asong galing labas) ng taguan (locker) ng mag-aaral. Wala sa mga pagbabawal sa mga seksiyon 8-19-15 hanggang 8-19-18 o kaugnay ng pangkahalatang paghahalughog at pagsamsam sa paaralan na sa anumang paraan ay iisiping bubuo sa mag-aaral ng pag-asa sa pagkapribado ng mga taguan (locker). Dapat ipalagay ng mga mag-aaral na ang kanilang mga taguan (lockers) ay sasailalim sa pagbubukas at inspeksiyon (at pag-amoy ng asong galing sa labas) sa anumang oras mayroon man o walang dahilan. [Eff 5/23/86; am at comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: Hawaii Const. Art. X, §3; HRS §§302A-1101, 302A-1112)]

§8-19-15 Polisiya sa pangkalahatang paghahalughog at pagsamsam sa paaralan. Maliban sa itinakda sa seksiyon 8-19-14 tungkol sa mga taguan (locker) ng mag-aaral, makatuwiran na umasa ang mga mag-aaral sa pagiging pribado ng kanilang sarili sa kampus, o sa ibang bakuran ng kagawaran ng edukasyon, sa transportasyon ng kagawaran

ng edukasyon, o habang ginaganap ang itinaguyod ng kagawaran ng edukasyon na aktibidad o pangyayari sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan. Ang mga paaralan ay mayroon ding kapantay na lehitimong pangangailangan na panatilihin ang kaayusan at kapaligiran kung saan maaaring maganap ang pagkatuto. Sa pagtupad nitong lehitimong pangangailangan, may mga pagkakataong maaaring kailanganin ng mga opisyal ng paaralan na magpatupad ng mga paghahalughog at pagsamsam sa kampus, o ibang bakuran ng kagawaran ng edukasyon, sa transportasyon ng kagawaran ng edukasyon, o habang ginaganap ang itinaguyod ng kagawaran ng edukasyon na aktibidad o pangyayari sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan. Bilang isang pangkalahatang polisiya, maliban sa itinakda ng seksiyon 8-19-14 tungkol sa mga taguan (locker) ng mag-aaral, ang mga paghahalughog at pagsamsam ay pinahihintulutan kung may mga makatwirang dahilan upang maghinala, batay sa mga kaugnay na pangyayari, na ang paghahalughog ay magpapalitaw ng ebidensiya na ang mag-aaral o mga mag-aaral ay lumabag o lumalabag sa batas o sa asal ng mag-aaral na ipinagbabawal sa ilalim ng kabanatang ito. Ang mga paghahalughog at pagsamsam na isasagawa ng mga opisyal sa paaralan ay dapat sumunod sa mga tadhana ng sub-kabanatang ito. [Eff 5/23/86; comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at com 9/10/09] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: Hawaii Const. Art. X, §3; HRS §§302A-1101, 302A-1112)]

§8-19-16 Awtoridad. Maliban sa itinadhana ng seksiyon 8-19-14 tungkol sa mga taguan (locker) ng mag-aaral, ang ari-arian ay maaaring halughugin kung may mga makatwirang dahilan sa paghinala, batay sa kaugnay na mga pangyayari, na ang paghahalughog ay magpapalitaw ng ebidensiya na ang mag-aaral o mga mag-aaral, o iba pa sa kampus, o sa ibang bakuran ng kagawaran ng edukasyon, sa transportasyon ng kagawaran ng edukasyon, o habang ginaganap ang itinaguyod ng kagawaran ng edukasyon na aktibidad o pangyayari sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan ay lumabag sa batas o mga tadhana ng kabanatang ito. Ang opisyal ng paaralan na nagsasagawa ng paghahalughog ay sasamahan ng isa pang opisyal ng paaralan na magsisilbing saksi, maliban kung iyon ay panahon ng kagipitan kung saan ay kinakailangan ang agarang aksiyon upang protektahan ang kalusugan o kaligtasan, o pareho ng sinumang tao o mga tao. [Eff 5/23/86; am at comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: Hawaii Const. Art. X, §3; HRS §§302A-1101, 302A-1112)

§8-19-17 Mga kondisyon kung saan ang pangkalahatang paghahalughog at pagsamsam ng paaralan ay maaaring isakatuparan.

(a) Maliban sa itinakda ng seksiyon 8-19-14 tungkol sa mga paghahalughog at pagsamsam sa mga taguan (locker) ng mag-aaral ay maaaring isakatuparan ng mga opisyal ng paaralan kapag natugunan ang lahat ng mga sumusunod na kondisyon:

- (1) Kung sa oras ng paghahalughog, ay may mga makatwirang dahilanan upang maghinala, batay sa mga kaugnay na mga pangyayari na ang paghahalughog ay magpapalitaw ng ebidensiya na ang mag-aaral o mga mag-aaral ay lumabag sa batas o mga tadhanang ipinagbabawal sa ilalim ng kabanatang ito.
- (2) Ang paraan ng pagsasagawa ng paghahalughog ay makatwirang nakaugnay sa layunin ng paghahalughog.
- (3) Ipababatid sa mag-aaral na sasailalim sa paghahalughog ang layunin ng paghahalughog at bibigyan ng pagkakataon na boluntaryong isuko ang ebidensiyang hinahanap ng opisyal ng paaralan.

(b) Ipapaalam sa prinsipal o taong hinirang ng paaralan ng opisyal ng paaralan na magsasagawa ng paghahalughog ang gagawing paghahalughog at ang layunin ng paghahalughog maliban kung nasa panahon ng kagipitan na ang agarang aksiyon ay kinakailangan upang protektahan ang kalusugan at kaligtasan, o pareho, ng isang tao o mga tao.

(c) Kung higit sa isang mag-aaral ang pinaghihinalang gumawa ng paglabag, kung praktikal at hindi mapanganib sa kalusugan o kaligtasan, uunahing halughugin ng opisyal ng paaralan na nagsasagawa ng paghahalughog ang mag-aaral na pinakahigit na pinaghihinalang nagtataglay ng bagay na hinahanap sa paghahalughog. [Eff 5/23/86; am at comp 7/19/93; am at comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09] (Auth: HRS §§302A-1112, 703-309(2)) (Imp: Hawaii Const. Art. X, §3, HRS §§302A-1101, 302A-1112, 703-309(2))

§8-19-18 Ipinagbabawal na mga paghahalughog at pagsamsam. Maliban sa itinadhana sa seksiyon 8-19-14 tungkol sa mga taguan (locker) ng mag-aaral:

- (1) Ipinagbabawal ang mga paghahalughog nang sapalaran.
- (2) Ipinagbabawal ang mga paghuhubad sa paghahalughog.
- (3) Ang opisyal ng paaralan ay hindi dapat magsagawa ng paghahalughog na nangangailangan ng kontak sa katawan ng mag-aaral maliban kung ang ganoong paghahalughog ay kinakailangan upang

maiwasan ang pinsala sa kalusugan o kaligtasan, o pareho ng isang tao o mga tao.

(4) Sa pagsasagawa ng paghahalughog, ipinagbabawal ang paggamit ng puwersa laban sa mag-aaral maliban kung naniniwala ang opisyal ng paaralan na ang puwersang gagamitin ay kailangan upang maiwasan ang pinsala sa kalusugan o kaligtasan, o pareho ng isang tao o mga tao o kung saan ang mag-aaral ay pisikal na tumututol ang paghahalughog.

(5) Ang paghahalughog na isinagawa sa ilalim ng mga tadhana sa sub-kabanatang ito ay limitado sa bagay o mga bagay na dahilan ng pagsasagawa ng paghahalughog. Gayunman, anumang ibang bagay na mapuna habang ginaganap ang isang paghahalughog ay maaaring samsamin ng isang opisyal ng paaralan kung ang pagtataglay ng bagay na iyon ay paglabag sa batas o sa mga tadhana ng kabanatang ito, o kapag ang hindi pagsamsam ay maaaring magdulot ng banta sa kalusugan o kaligtasan, o pareho ng isang tao o mga tao, kabilang na ang opisyal ng paaralan na nagsasagawa ng paghahalughog. [Eff 5/23/86; comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: Hawaii Const. Art. X, §3; HRS §§302A-1101, 302A-1112)

SUB-KABANATA 5

PAG-UULAT NG MGA PAGKAKASALA

§8-19-19 Pag-uulat ng klase A o klase B na mga pagkakasalang nagaganap sa paaralan. (a) Ang sinumang guro, opisyal, o iba pang kawani ng kagawaran na saksi sa klase A o klase B na pagkakasala batay sa kahulugan sa kabanatang ito, o may makatwirang dahilan na maniwalang ang klase A o klase B na pagkakasala ay ginawa o gagawin, laban sa isang mag-aaral, guro, opisyal, o iba pang kawani ng kagawaran, o kaugnay ng ari-arian ng paaralan, ay agad na mag-uulat sa prinsipal o taong hinirang ang pangyayari. Wala sa sub-seksiyong ito ang iisiping nagbabawal o pumipigil sa isang guro, opisyal o iba pang kawani ng kagawaran sa pag-uulat sa prinsipal o taong hinirang ng klase C o klase D na mga pagkakakasala.

(b) Pagkatanggap ng ulat sa klase A o klase B na pagkakasala, magsasagawa ang prinsipal o taong hinirang ng imbestigasyon upang matiyak kung ang asal ay nangangailangan nang diretsong pagtawag sa pulisya o kung ang asal ay kayang pangasiwaan sa pamamagitan ng mga

paraang pandisiplina ng paaralan. Ang prinsipal o taong hinirang ay dapat tumawag ng pulis sa oras na mapansing may panganib at ang kilos ay hindi kayang pangasiwaan ng kawani ng paaralan.

(c) Itatala ng prinsipal o taong hinirang ang impormasyon ukol sa pangyayari sa sistemang elektronik na database ng kagawaran sa loob ng limang araw ng pasukan ng pag-uulat ng pagkakasala.

(d) Ipapaalam ng prinsipal o taong hinirang sa nag-uulat na guro, opisyal, o iba pang kawani, ang aksiyong pandisiplina, kung mayroon man, na isinagawa sa klase na (mga) pagkakasala sa loob ng limang araw ng pasukan pagkaraang maiulat ang pangyayari alinsunod sa sub-seksiyon (c).

(e) Kung ang guro, opisyal, o iba pang kawani ay hindi nasisiyahan sa aksiyong pandisiplina na isinagawa ukol sa iniulat na pagkakasala, o kung walang isinagawang aksiyong pandisiplina sa loob ng sampung araw ng pasukan pagkaraang ang pangyayari ay maiulat ng guro, opisyal, o iba pang kawani, maaaring umapela nang nakasulat ang taong gumawa ng ulat, sa supirentendente ng kabuuang lugar.

(f) Sa loob ng limang araw ng pasukan ng pagkatanggap ng apela tulad ng nakatadhana sa sub-seksiyon (e), dapat ipagbigay-alam ng superintendente ng kabuuang lugar o taong hinirang sa taong umaapela, nang nakasulat, ang aksiyong pandisiplina na isinagawa ukol sa iniulat na pagkakasala. [Eff 9/1/82; am at ren §8-19-11, 5/23/86; am at comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09] (Auth: HRS §§302A-1112, 302A-1002) (Imp: HRS §§302A-1112, 302A-1002)

§8-19-20 Bayad-pinsala pagkabi gay ng ulat sa klase A at klase B na mga pagkakasala. Ang sinumang guro, opisyal, o ibang kawani ng kagawaran na sa mabuting paniniwala ay nag-uulat bilang kinakailangan sa ilalim ng §8-19-19 ay dapat bayaran at ituturing na di-makapipinsala alinsunod sa seksiyon 302A-1003, Hawaii Revised Statutes. [Eff 9/1/82; am at ren §8-19-12, 5/23/86; am at comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09] (Auth: HRS §§302A-1112, 302A-1003) (Imp: HRS §§302A-1112, 302A-1003)

§8-19-21 Kabiguang maiulat ang mga klase A o klase B na mga pagkakasala na nagaganap sa paaralan; mga pangyayaring kasunod nito.

(a) Magbibigay ang superintendente ng edukasyon ng taunang nakasulat na pasabi sa lahat ng paaralan at tanggapan na ang pagkabi gong mag-ulat ng klase A o klase B na mga pagkakasala na nagaganap sa kampus, o sa ibang bakuran ng kagawaran ng edukasyon, sa transportasyon ng

kagawaran ng edukasyon, o habang ginaganap ang itinaguyod ng kagawaran ng edukasyon na aktibidad o pangyayari sa loob o labas ng ari-arian ng paaralan ay maaaring magresulta ng mga aksiyong pandisiplina laban sa responsableng mga guro, opisyal, o ibang mga kawani ng kagawaran. Maaaring kabilang sa mga aksiyong pandisiplina ang:

- (1) Pasalitang babala;
- (2) Nakasulat na babala;
- (3) Pagsuspende nang walang sahod;
- (4) Pagbababa sa tungkulin; o
- (5) Pagkatiwalag;

(b) Mga guro, opisyal, o ibang kawani ng kagawaran na nabigong mag-ulat ng klase A o klase B na mga pagkakakasala batay sa iniatas ng seksiyon 8-19-19 ay maaaring disiplinahin alinsunod sa mga regulasyon at paraan ng kagawaran.

(c) Sinumang guro, opisyal, o ibang kawani ng kagawaran na dinisiplina dahil sa kabiguang mag-ulat ng klase A o klase B na mga pagkakasala na nagaganap sa kampus, o sa ibang bakuran ng kagawaran ng edukasyon, sa transportasyon ng kagawaran ng edukasyon, o habang ginaganap ang itinaguyod ng kagawaran ng edukasyon na aktibidad o pangyayari sa loob o labas ng ari-arian ay may karapatang iapela ang aksiyong pandisiplina ayon sa itinakda ng batas ng estado o sa mga regulasyon at kaparaanan ng kagawaran o naaangkop na mga kasunduan ng sama-samang pakikipagtawaran (collective bargaining agreement). [Eff 9/1/82; am at ren §8-19-13, 5/23/86; am at comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09] (Auth: HRS §§302A-1112, 302A-1002) (Imp: HRS §§302A-1112, 302A-1002)

SUB-KABANATA 6

MGA PANAYAM AT PAGDAKIP NG PULISYA

§8-19-22 Mga panayam ng pulisya sa paaralan para sa mga pagkakasalang may kaugnayan sa paaralan. (a) Ang mga opisyal ng pulisya ay maaaring pumunta sa paaralan upang magtanong sa isang mag-aaral. Pagkarating sa paaralan, ang opisyal ng pulisya ay papupuntahin sa prinsipal o taong hinirang upang humingi ng pahintulot na makapanayam ang isang mag-aaral. Kung ipagkakaloob ang pahintulot na makapanayam ang isang mag-aaral, matapat na sisikapin ng prinsipal

o taong hinirang na ipagbigay-alam sa magulang ang tungkol sa panayam ng pulis at ang karapatang humarap kapag isinagawa ang panayam. Maaaring isagawa ang panayam kung hindi nakaya ng prinsipal o taong hinirang na ipagbigay-alam sa magulang o kung ipinaalam sa magulang at tumangging humarap, o kung pagkaraan ng sapat na panahon pagkatapos ibigay ang pasabi ay nabigo ang magulang na magpunta sa paaralan para sa panayam ng pulisya.

(b) Dapat ay kaharap ang prinsipal o taong hinirang habang nagaganap ang panayam ng pulisya maliban kung hindi siya isinali ng opisyal ng pulisya.

(c) Kung ang isang mag-aaral ay dinakip, susundin ng prinsipal o taong hinirang ang mga paraang itinakda sa seksiyon 8-19-24. [Eff 9/1/82; am at ren §8-19-14, 5/23/86; am at comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: Hawaii Const. Art. X, §3; HRS §§302A-1101, 302A-1112)

§8-19-23 Mga panayam ng pulisya sa paaralan para sa mga pagkakasalang walang kaugnayan sa paaralan. (a) Ang mga opisyal ng pulisya ay makikipag-ugnayan sa paaralan at sasabihin sa prinsipal o taong hinirang ang kalikasan at mga dahilan ng pagbisita. Pagkarating sa paaralan, ang opisyal ng pulisya ay papupuntahin sa prinsipal o taong hinirang upang humingi ng pahintulot na makapanayam ang isang mag-aaral.

(b) Bago ang anumang panayam, ipaaalam ng prinsipal o taong hinirang sa magulang ang karapatan na humarap habang isinasagawa ng pulisya ang panayam. Ang panayam ay maaaring gawin pagkaraang makuha ang pasalitang pagsang-ayon mula sa magulang. Ang mga kinakailangang pagbibigay-alam at pagsang-ayon sa sub-seksiyong ito ay hindi susundin kung ang kalikasan ng panayam ay may kasamang pang-aabuso ng bata o iba pang pagkakasala kung saan ay hinihinalang gumawa ng pagkakasala laban sa mag-aaral ang magulang o miyembro ng sambahayan .

(c) Gagawa ang prinsipal o taong hinirang ng pagtatala ng pangyayari at isusulat ang pangalan ng mag-aaral, ang petsa ng panayam ng pulis, at ang pangalan at numero ng tsapa ng opisyal ng pulisya at numero ng ulat ng pulisya kung mayroon man.

(d) Kung ang mag-aaral ay dinakip ng pulis, ang prinsipal o taong hinirang ay susundin ang kaparaanang inutos sa seksiyon 8-19-24. [Eff 9/1/82; am at ren §8-19-15, 5/23/86; am at comp 7/19/93; am at comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: Hawaii Const. Art. X, §3; HRS §§302A-1101, 302A-1112)

§8-19-24 Mga pagdakip ng pulisya sa paaralan. Ang pulis ay papupuntahin sa prinsipal o taong hinirang. Kapag maaari, dadalhin ang mag-aaral sa tanggapan ng prinsipal para maipatupad ng opisyal ng pulisya ang napipintong pagdakip. Pagkarating ng pulis upang dakpin ang isang mag-aaral, matapat na sisikapin ng prinsipal o taong hinirang na ipaalam ito sa magulang. [Eff 9/1/82; am at ren §8-19-16, 5/23/86; am at comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09] (Auth: HRS 302A-1112) (Imp: Hawaii Const. Art. X, §3; HRS §§302A-1101, 302A-1112)

SUB-KABANATA 7

PAGBABAYAD-PINSALA PARA SA BANDALISMO

§8-19-25 Pananagutan para sa bandalismo. (a) Kapag ang sinumang mag-aaral ay napatunayang responsable sa bandalismo laban sa anumang gusali ng pampublikong paaralan, pasilidad, o bakuran, dapat gawin ng mag-aaral o magulang ang pagbabayad-pinsala. Walang gagawing pagbabayad-pinsala kapag ang bandalismo ay hindi napatunayang isinagawa ng mag-aaral.

(b) Bukod sa mga tadhanang nasa kabanatang ito, maaaring magpasiya ang Estado na isama ang anumang angkop na aksiyon sa pagbawi ng mga pinsala sa mga ari-arian ng paaralan.

(c) Kung bibigyan ng disiplina ang isang mag-aaral para sa bandalismo sa ilalim ng kabanatang ito, sisimulan ang mga paraan ng pagbabayad-pinsala pagkatapos lamang na makumpleto ang mga paraang pandisipilina sa kabanatang ito at ang prinsipal o taong hinirang na nagsasagawa ng imbestigasyon ay may dahilang maniwala na lumabag ang mag-aaral sa mga itinadhana ng kabanatang ito. [Eff 5/23/86; comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: HRS §§302A-1112, 302A-1153)

§8-19-26 Mga paraang angkop sa bandalismo. (a) Kapag may dahilang ang prinsipal o taong hinirang upang maniwala na ang isang mag-aaral ay maaaring may pananagutan sa bandalismo laban sa anumang gusali ng pampublikong paaralan, pasilidad o bakuran, kaagad sisimulan ng prinsipal o taong hinirang ang isang imbestigasyon.

(b) Kung ang bandalismo ay gawang magsasailalim sa mag-aaral sa aksiyong pandisiplina sa ilalim ng kabanatang ito, dapat isama ng prinsipal o taong hinirang bilang bahagi ng kinakailangang imbestigasyon sa ilalim ng mga seksiyon 8-19-7, 8-19-8, at 8-19-10 ang pagtitiyak ng mga katotohanan at pangyayari na susuporta sa pagbabayad-pinsala sa ilalim ng sub-kabanatang ito. Ang karagdagang aksiyon kaugnay ng pagbabayad-pinsala ay dapat pigilin hanggang matiyak ang aksiyong pandisiplina at nagawa ng lahat ang mga paraan sa pag-apela.

(c) Kung pagkatapos ng imbestigasyon ay may dahilang maniwala ang prinsipal o taong hinirang na may pananagutan ang mag-aaral sa bandalismo, dapat na magtakda ang prinsipal o taong hinirang ng pakikipag-usap sa mag-aaral at magulang. Ang dadalo sa pag-uusap ay limitado lamang sa prinsipal o taong hinirang, mag-aaral, at magulang.

(d) Gagamitin ang mga form ng departamento sa paunang nakasulat na pasabi ukol sa pag-uusap na ipapadala sa magulang sa pamamagitan ng koreo. Walang mag-aaral o magulang ang aatasang gumawa ng pagbabayad-pinsala sa anumang paraan maliban kung ipinagbigay-alam na sa magulang at nabigyan na ng pagkakataong mapakinggan. Ipapabatid ng pasabi sa magulang ang mga natuklasan at ang petsa, oras, at lugar ng pag-uusap. Ang pasabi ay ipapadala sa koreo sa humigit-kumulang ay labinlimang araw ng kalendaryo bago ang petsa ng pag-uusap. Kapag kinakailangang gawin ang epektibong komunikasyon, ang pasabi ay ipagkakaloob nang nakasulat sa katutubong wika ng magulang. Ang paaralan ay maaaring gumamit ng iba pang mga paraan ng komunikasyon, gaya ng telepono, upang makadagdag sa nakasulat na komunikasyon sa pagitan ng paaralan at magulang.

- (1) Ang magulang ay tutugon sa pasabi sa loob ng pitong araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pasabi.
- (2) Ang petsa ng kumperensiyang nakasaad sa pasabi ay maaaring muling itakda kung kokontakin ng magulang ng mag-aaral ang paaralan upang magsa-ayos ng bagong petsa ng pag-uusap. Ang kahilingang muling magtakda ng pag-uusap ay gagawin sa loob ng pitong araw ng kalendaryo mula ng petsa ng pasabi.
- (3) Ang pag-uusap at ang di-pormal na pagkakasundo ay maaaring sang-ayunan sa mga kaso kung saan ang mga pinsala ay hindi hihigit sa \$3,500. Kung magkaroon ng pagkakasundo, ang isang nakasulat na kasunduan para sa pagbabayad-pinsala ay gagawin sa pagitan ng magulang at paaralan. Ang nakasulat na kasunduan ay isasagawa lamang kung ang mga pinsala ay hindi hihigit sa \$3,500.

- (e) Kung mabigo ang magulang na tumugon sa pasabi sa loob ng palugit na oras, ang prinsipal o taong hinirang ay maaaring:
 - (1) Muling magtakda ng petsa ng pag-uusap kung matitiyak ng prinsipal o taong hinirang na ang pagkabigong tumugon ay para sa mabuting dahilan o kung ito ay para sa kapakanan ng paaralan o mag-aaral; o
 - (2) Ipaalam nang nakasulat sa magulang na ang pasabi ay ibinigay para sa pagkakataong madinig sa isang pakikipag-usap sa prinsipal o taong hinirang, at dahil sa pagkabigo na tumugon sa pasabi, ang bagay na ito ay isasangguni ng prinsipal o taong hinirang sa superintendente ng kabuuang lugar para sa karagdagang aksiyon.
- (f) Ang pag-uusap ay isasagawa sa sumusunod na paraan:
 - (1) Ang dadalo sa pag-uusap ay ang prinsipal o taong hinirang, mag-aaral, at magulang. Maliban sa prinsipal o taong hinirang ng paaralan na pinangyarihan ng bandalismo, sa mag-aaral, at sa magulang, wala nang iba pang tao ang papayagang dumalo sa pag-uusap sa anumang dahilan.
 - (2) Sa pag-uusap, ang prinsipal o taong hinirang ng paaralan na pinangyarihan ng bandalismo ay maghaharap ng mga natuklasan sa imbestigasyon at ng mga kinakailangang pagbabayad-pinsala.
 - (3) Kung sumang-ayon ang mag-aaral at magulang sa halaga at paraan ng pagbabayad-pinsala, ang prinsipal o taong hinirang, ang mag-aaral at magulang ay gagawa ng nakasulat na kasunduan sa mga mga form ng kagawaran na tutukoy sa paraan ng pagbabayad-pinsala at ang takdang panahon kung kailan ang pagbabayad-pinsala ay makukumpleto, sa kondisyong ang mga pinsala ay hindi hihigit sa \$3,500. Ang pagbabayad-pinsala ay maaaring gawin sa anumang paraan, kabilang ang pagbabayad-pinsala sa salapi ng ng mag-aaral at magulang. Kung ang mga pinsala ay hihigit sa \$3,500, ang usapin ay isasangguni sa superintendente ng kabuuang lugar na magsasangguni ng usapin sa abogadong pangkalahatan para sa karagdagang aksiyon.
 - (4) Kapag nakumpleto ang pagbabayad-pinsala, lahat ng mga tala at dokumento tungkol sa imbestigasyon at pag-uusap ay itatago sa paaralan sa loob ng tatlong taon. Walang impormasyon tungkol sa imbestigasyon, pag-uusap at isinagawang mga aksiyon ang sasabihin sa sinumang tao na hindi tuwirang kasangkot sa pagdinig sa usapin.

- (5) Kung ang nakasulat na kasunduan ay ipinatupad at ang magulang o mag-aaral ay nabigong sumunod sa mga tadhana ng kasunduan, maaaring ipadala ng prinsipal o taong hinirang ang usapin sa superintendente ng kabuuang lugar. Rerepasuhin ng superintendente ng kabuuang lugar ang usapin at magsasagawa ng naaangkop na aksiyon, na maaaring kabilang ang pagsangguni sa abogadong pangkalahatan para sa karagdagang aksiyon.
- (6) Kung hindi sumasang-ayon ang mag-aaral at magulang sa mga natuklasan ng prinsipal o taong hinirang, ipapadala ng prinsipal o taong hinirang ang lahat ng tala at dokumento tungkol sa imbestigasyon at pag-uusap, at iuulat ang mga natuklasan at pangyayari sa usapin sa superintendente ng kabuuang lugar na siyang magrerepaso ng usapin at magsasagawa ng angkop na aksiyon na maaaring kabilangan ng pagsangguni ng usapin sa pangkalahatang abogadopara sa karagdagang aksiyon. Kung ang mga pinsala ay mahigit sa \$3,500, ang usapin ay isasangguni sa attorney general para sa karagdagang aksiyon. [Eff 5/23/86; am at comp 7/19/93; comp 5/19/97; comp 2/22/01; am at comp 9/10/09] (Auth: HRS §302A-1112) (Imp: HRS §§302A-1112, 302A-1153)

§8-19-27	PINAWALANG-BISA	[R 2/22/01]
§8-19-28	PINAWALANG-BISA	[R 2/22/01]
§8-19-29	PINAWALANG-BISA	[R 2/22/01]